REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

Sangguniang Panlalawigan

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG BLG. 14 NG IKA-11 SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG BULACAN NA IDINAOS SA PAMAMAGITAN NG ZOOM ONLINE APPLICATION NOONG MIYERKULES, ABRIL 05, 2023

DUMALO:

Igg. Alexis C. Castro -----Pangalawang Punong Lalawigan at Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN

UNANG DISTRITO
Igg. Romina D. Fermin

IKALAWANG DISTRITO
Igg. Abgda. Erlene Luz V. Dela Cruz
Igg. Lee Edward V. Nicolas

IKATLONG DISTRITO
Igg. Romeo V. Castro, Jr.
Igg. Raul A. Mariano

IKA-APAT NA DISTRITO
Igg. Enrique A. Delos Santos, Jr.
Igg. Allen Dale DC. Baluyut

IKALIMANG DISTRITO
Igg. Richard A. Roque
Igg. Cezar L. Mendoza

IKA-ANIM NA DISTRITO
Igg. Renato DL. De Guzman, Jr.
Igg. Arthur A. Legaspi

MGA KINATAWAN NG LIGA

Igg. Ramilito B. Capistrano -----Liga ng mga Barangay
Igg. Robert John Myron A. Nicolas -----Sangguniang Kabataan (SK)
Igg. William R. Villarica -----Liga ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan/Panlungsod
Igg. Liberato P. Sembrano -----Indigenous Cultural Communities/ Indigenous Peoples (ICCs/IPs)

HINDI NAKADALO:

Igg. Allan P. Andan -----Kasangguni, Unang Distrito

* * * *

KAPASIYAHAN BLG. 302-T'2023

SAPAGKAT, ang Pilipinas ay pumirma sa, at ipinagtibay ang United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) na ipinasa ng UN General Assembly noong Nobyember 20, 1989, ang pamahalaan ay mayroong pananagutan na siguraduhing natatamasa ng mga batang Pilipino ang kanilang mga karapatan;

SAPAGKAT, sa Section 13, Article II ng 1987 Konstitusyon ay kinikilala ng Estado ang mahalagang papel ng mga kabataan sa pagtatatag ng bansa at dapat magtaguyod at mangalaga ng kanilang kagalingang pisikal, moral, espiritwal, intelektwal at panlipunang kabutihan;

SAPAGKAT, noong 2017, ipinasa at ipinagtibay ng Lalawigan ng Bulacan ang Kapasiyahan Blg. 277-T'17 o ang Kautusang Nagtatakda ng Malawakang Sistema ng Suporta sa Kapakanan ng mga Bata na Makikilalang Batas sa Kapakanan ng mga Bata sa Bulacan;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SAPAGKAT, alinsunod sa patakaran ng Estado, ang paningin ng Lalawigan ng Bulacan na ang mga bata ay dapat maging masaya, lubos na mapagmahal, may malusog na isip at katawan, na naninirahan sa isang maayos, payapang kapaligiran na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan, may aktibong paglahok sa tuluyang pag-unlad ng bansa, malawak at matalas ang pag-iisip at handang makipagsabayan sa mundo;

SAPAGKAT, may mga bagong pambansang batas na pinagtibay na nakakaapekto sa mga bata, kasama na ang *"ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11510]***, *"KALUSUGAN AT NUTRISYON NG MAGNANAY ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11148],*** *"INSTITUTING A POLICY OF INCLUSION AND SERVICES FOR LEARNERS WITH DISABILITIES IN SUPPORT OF INCLUSIVE EDUCATION ACT"* ***[REPLUBIC ACT NO. 11650],*** *"EXPANDED SOLO PARENTS WELFARE ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11861],*** *"PAGKILALA AT PAGBIBIGAY PROTEKSYON SA KARAPATAN NG MGA SANGGOL O BATANG INABANDONA NG MAGULANG"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11767],*** *"AN ACT INCREASING THE AGE FOR DETERMINING THE COMMISSION OF STATUTORY RAPE"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11648]***, *"DOMESTIC ADMINISTRATIVE ADOPTION AND ALTERNATIVE CHILD CARE ACT"* ***[REPUBLIC ACT 11642],*** *INSTITUTIONALIZING THE NATIONAL COUNCIL AGAINST CHILD LABOR TO UPSCALE THE IMPLEMENTATION OF THE PHILIPPINE PROGRAM AGAINST CHILD LABOR* ***(EXECUTIVE ORDER NO. 92),*** *"AN ACT PROHIBITING THE PRACTICE OF CHILD MARRIAGE"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11596],*** *"CHILD SAFETY IN MOTOR VEHICLES ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11229],*** *"SPECIAL PROTECTION OF CHILDREN IN SITUATIONS OF ARMED CONFLICT ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11188],*** *"ANTI-ONLINE SEXUAL ABUSE OR EXPLOITATION OF CHILDREN (OSAEC) AND ANTI-CHILD SEXUAL ABUSE OR EXPLOITATION MATERIALS (CSAEM) ACT"* ***[REPUBLIC ACT NO.11930],*** *"EXPANDED ANTI-TRAFFICKING IN PERSONS ACT OF 2022"* ***[REPUBLIC ACT NO. 11862];***

SAPAGKAT, kinikilala ng Lalawigan ng Bulacan ang mga rekomendasyon at panukalang galing sa mga ahensiya ng pamahalaan, ng mga organisasyong kinabibilangan ng mga bata at kabataan, ng mga People's Organizations (POs) at, Non-Governmental Organizations (NGOs) na direktang nagbibigay serbisyo o kumakatawan sa mga bata at kabataan, pati na rin mga tagapagtaguyod ng bata at mga kinatawan;

SAPAGKAT, kinikilala ng Lalawigan ng Bulacan ang kahinaan ng mga bata at kabataan ang mga industriya at dahil sa kasalukuyang mga isyu, hindi nawawalang mga problema, at mga umuusbong na mga alalahanin na kinasasangkutan at nakakaapekto sa mga bata at mga kabataan, mayroong isang pangangailangan para sa isang komprehensibong panukala at lokal na batas upang protektahan at palakasin ang kanilang mga karapatan, at tiyaking ganap na pag-unlad ng kanilang potensyal, kaya't may pangangailangan sa batas na ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kasangguni ng Sangguniang Panlalawigan, Igg. Abgda. Erlene Luz V. Dela Cruz, Tagapangulo ng Lupon sa Kababaihan at Pamilya, na pinangalawahan ng lahat ng mga Kasangguni na nakadalo,

IPINASIYA, gaya nang dito'y ipinasisiya, na **PAGTIBAYIN** ang sumusunod na Panlalawigang Kautusan:

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

- x

PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG. 99-2023

KAUTUSANG NAGSUSUSOG SA KAPASIYAHAN BLG. 277-T'17/ PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG. 35-2017, NA MAY PAMAGAT NA: *KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MALAWAKANG SISTEMA NG SUPORTA SA KAPAKANAN NG MGA BATA* NA MAKIKILALA BILANG *"BATAS SA KAPAKANAN NG MGA BATA NG BULACAN"* O *"CHILDREN'S WELFARE CODE OF BULACAN"*

SA PAGTATAGUYOD NI: SP MEMBER ABGDA. ERLENE LUZ V. DELA CRUZ

Isinasabatas ng Sangguniang Panlalawigan sa kanyang pagpupulong na:

PANGKAT I
PANGKALAHATANG TADHANAIN

SEKSIYON 1. PAMAGAT. Ang Ordinansang ito ay kikilalanin bilang "Batas sa Kapakanan ng Mga Bata ng Bulacan 2023".

SEKSIYON 2. PAGPAPAHAYAG NG PATAKARAN AT PRINSIPYO. Sa pamamagitan nitong lokal na ordinansa ay ipinapagtibay ng Lalawigan ng Bulacan ang mga sumusunod na mga patakaran at mga prinsipyo:

2.1 Patakaran ng pamahalaang lokal na magbigay ng mataas na prioridad sa pagsulong ng pangkalahatang pag-unlad ng mga bata, tiyakin na ang mga karapatan ng mga bata ay ganap na protektado at iginagalang, gamit ang aktibong suporta at pakikilahok at/o sama-samang pagsisikap ng mga magulang, pamilya, komunidad, Peoples' Organizations (POs), Non-Government Organizations (NGOs) at iba pang sektor ng lipunan.

2.2 Kinikilala na ang mga bata ay may likas na mga karapatan sa ligtas na buhay, pag-unlad, proteksiyon, at partisipasyon gaya ng itinatadhana sa United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC) at sa mga kaukulang batas ng Pilipinas patungkol sa mga bata. Kikilalanin at papanindigan ang mga pangunahing prinsipyo ng UNCRC sa mga bagay na may kinalaman at nakakaapekto sa mga bata:

a) Walang diskriminasyon – Ang mga karapatan ng bata ay igagalang ng walang diskriminasyon ng anumang uri, walang pagtatangi sa mga bata o ang kanyang magulang o legal na tagapangalaga, lahi, kulay, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, wika, relihiyon, opinyong pulitikal, pambansa, etniko o panlipunang pinagmulan, ari-arian, kapansanan, kapanganakan, pang-ekonomiya o iba pang katayuan;

b) Pinakamahusay na interes ng bata – Sa lahat ng mga aksyong may kinalaman sa mga bata, kung isasagawa ng mga pampubliko o pribadong institusyon para sa kapakanang panlipunan, korte ng batas, mga kawani sa administratibo o lehislatura, ang pinakamahusay na interes ng bata ay ang unang isasaalang-alang;

c) Kaligtasan at pag-unlad – Ang bawat bata ay may taglay na karapatang mamuhay at ang kaligtasan ng buhay at pag-unlad ay titiyakin sa pinakamataas na lawak na maaabot;

d) Paggalang sa mga opinyon ng bata – Sino mang batang may kakayahang bumuo ng pananaw ay may karapatang ipahayag nang malaya ang kanyang mga pananaw, sa lahat ng mga bagay na nakakaapekto sa kanya, at ang kanyang pananaw ay bibigyan ng nararapat na timbang alinsunod sa kanyang edad at lebel ng *maturity*;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e) Igalang ang mga pananagutan, mga karapatan at mga tungkulin ng mga magulang, o kung saan naaangkop, ang mga kasapi ng pinalawig na pamilya o komunidad, legal na tagapag-alaga o iba pang mga taong may legal na responsibilidad sa kanila, na magbigay, sa isang paraan na naaayon sa umuusbong na kapasidad ng bata, nararapat na direksyon at patnubay sa pagsasakatuparan ng bata ng kanyang mga karapatan;

f) Susuportahan ang magulang at tagapag-alaga sa kanilang pagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan at sa paglilinang ng kanilang anak; at

g) Susuportahan ang mga pagsisikap ng pag-aalaga ng bata at pag-unlad ng mga *child care and development workers* na nag-aalaga para sa kapanganakan ng bata hanggang sa paglaki.

2.3 Naaayon sa mga prinsipyo ng UNCRC, ang Lalawigan ng Bulacan ay nangangakong huhubugin ang mga bata para maging modelo at responsableng mamamayan, at dapat:

a) Isulong ang proteksyon ng bata mula sa lahat ng anyo ng pang-aapi, pang-aabuso at karahasan ng mga magulang, tagapag-alaga, o iba pang mga taong may responsibilidad sa kanilang pangangalaga, at magtatag ng mga programang panlipunan para mapigilan ang karagdagang pang-aabuso at para sa pagpapagamot ng mga biktima;

b) Magbigay ng espesyal na proteksyon para sa mga inabandona, naulila at napapabayaang mga bata, at iba pang mga batang walang sapat na pangangalaga, at magbigay din ng kanilang magagamit na alternatibong pangangalaga ng pamilya o nang institusyon;

c) Protektahan ang bata sa sekswal na pang-aabuso at pagsasamantala, kasama na ang prostitusyon, at pakikilahok at pagkakalantad sa pornograpiya at ano mang anyo ng karahasan.

2.4 Patakaran ng pamahalaang lokal na siguraduhin na may sapat na alokasyon ng rekurso sa lahat ng oras para makamit ang mga layunin para sa proteksyon, kaligtasan ng buhay, pag-unlad at paglahok ng mga bata. Samakatuwid, dapat maging pangunahing programa ang pagpaplano, pagbabadyet sa mga panahon ng mga krisis sa pangkatauhan, pang-ekonomiyang paghihigpit at pagsasaayos ng mga impraistruktura.

SEKSIYON 3. KAHULUGAN NG MGA KATAGA. Gaya ng pagkakagamit sa Ordinansang ito, ang mga sumusunod na kataga ay mangangahulugang:

a) **ADOLESCENT SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH (UNFPA)** – Mga programang pangkalusugan para sa kabataan na magbibigay sa kanila ng tiyak at mas malawak na kaalaman sa sexuality education; mga serbisyo upang maiwasan, masuri at magamot ang *sexually transmitted infections (STIs)*; at pagpapayo tungkol sa family planning. Ang programang ito ay nagbibigay lakas at kaalaman sa kabataan upang matupad ang kanilang mga karapatan kabilang na ang pagpapaliban sa pagpapakasal at tumangging makipagtalik. Ang lokal na pamahalaan kasama ang iba't ibang ahensyang pang gobyerno man o pribado at mga pang-komunidad na organisasyon ng kabataan ay kailangang matiyak na makagawa at maisakatuparan ang mga *developmentally-appropriate adolescent-inclusive programs* na angkop sa pag-unlad ng kabataan at natutugunan ang *sexual and reproductive health needs* ng kabataan lalo na sa panahon ng krisis at ng kalamidad.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

b) **BATA- (Batay sa depinisyon ng RA 7610)** - Wala pang labing-walong (18) taong gulang o kung mayroon na, pero hindi kayang ganap na mapangalagaan ang kaniyang sarili o protektahan ang kaniyang sarili mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, kalupitan, pagsasamantala o diskriminasyon, ng dahil sa isang pisikal o mental na kalagayan, kapansanan o kondisyon.

c) **BAHAY PAG-ASA (RA 10630 of 2013)** – tumutukoy sa isang institusyon na nagbibigay serbisyo at kalinga ng 24-oras, na itinatag, pinondohan at pinangangasiwaan ng local government units at ng mga lisensiyado at kinikilalang mga non-government organizations na nagbibigay ng pansamantalang tirahan para sa mga batang lumabag sa batas na may edad lagpas 15-taong gulang ngunit hindi lalagpas ng 18-taong gulang at naghihintay ng desisyon ng korte sa kanilang kaso o paglipat sa iba pang ahensiya na may sakop sa kanilang kaso.

d) **BATANG LUMABAG SA BATAS (*CHILD IN CONFLICT WITH THE LAW*)** - Tumutukoy sa isang bata na di-umano ay inaakusahan ng o ipinasiyang lumabag sa batas o nakagawa ng krimen o pagkakasalang kriminal sa ilalim ng batas ng Pilipinas. Ang kahulugan nito at iba pang mga salita o termino na may kaugnayan sa mga batang tinutukoy ay halaw sa Republic Act No. 9344, o ang "Juvenile Justice and Welfare Act of 2006" na naamyendahan ng Republic Act No. 10630.

e) **BATANG MAY KAPANSANAN** – Batang may dinaranas na hadlang sa kanyang iba't-ibang kakayahan. Bunga ito ng pinsala sa pag-iisip, katawan o pandama. Dahil dito, hindi niya nagagawa ang mga aktibidad na itinuturing na pangkaraniwan para sa karamihan.

f) **BATANG NASA PANGANIB ("CHILD AT RISK")** - Tumutukoy sa isang batang walang kakayahang ipagtanggol ang sarili sa oras ng panganib. Ito ay maaring tumukoy rin sa mga batang nasa panganib na makagawa ng krimen dahil sa mga pangpersonal, pangpamilya at panlipunang kalagayan, tulad ng, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod, kung saan ang kahulugan ay naaayon sa Republic Act No. 9344 o ang Juvenile Justice and Welfare Act of 2006:

i. inaabuso ng sinumang tao sa pamamagitan ng sekswal, pisikal, sikolohikal/pangkaisipan, pang-ekonomiya o ano mang iba pang kaparaanan, at ang mga magulang o tagapag-alaga ay tumatanggi, ayaw, o hindi mabigyan ng proteksyon ang bata;

ii. pinagsasamantalahan, kasama na ang sekswal at pang-ekonomiya;

iii. pagiging inabandona o napabayaan, at ang magulang o tagapag-alaga ay hindi na matagpuan pagkatapos ng masikap na pagsisiyasat at pagtatanong;

iv. nagmula sa isang dysfunctional o wasak na pamilya o walang isang magulang o tagapag-alaga;

v. sa hindi pagpasok sa paaralan;

vi. sa pagiging isang batang lansangan o streetchild;

vii. sa pagiging miyembro ng isang gang;

CERTIFIED PHOTO TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

viii. nakatira sa isang komunidad na may mataas na bilang ng kriminalidad o pang-aabuso sa droga o drug abuse; at

ix. naninirahan sa sitwasyon ng armadong tunggalian.

g) **BULLYING** – ay pisikal o emosyonal na paraan ng panggigipit na ginagawa ng isang tao o ng isang grupo sa kapwa tao o sa isa pang grupo. Gustong ipakita ng nanakit na higit siyang malakas kaysa sa isa. Maaaring magdudulot ito ng kawalang gana o takot na pumasok ang isang estudyante sa paaralan.

Iba't ibang uri ng pananakit o bullying:

(1) Pisikal na pananakit tulad ng panunulak, panununtok, pangunguwelyo;
(2) Pananakit sa pamamagitan ng mga salita tulad ng panunukso o pagmumura;
(3) Pangkatang pananakit o social bullying tulad ng pagpapalaganap ng tsismis laban sa isang tao o pag-iwas sa taong makasama sa isang pangkat; at
(4) Pananakit sa pamamagitan ng internet o cyber-bullying tulad ng pag-post sa facebook ng masasakit na salita o pagpapakita ng mga hindi magagandang larawan para lang magpahiya.

h) **CHILD LABOR** - tumutukoy sa ano mang trabaho o pang-ekonomiyang paggawa na ginagampanan ng bata sa anumang paraan ng pagsasamantala o nakakapinsala sa kanyang kalusugan at kaligtasan o pisikal, mental o sikolohikal na pag-unlad.

i) **CHILD PORNOGRAPHY (RA 9775 of 2009)** – tumutukoy sa anumang representasyon ng bata na gumagawa ng seksuwal na aktibidad, totoo man o kunwari lamang, gamit ang biswal, audio o nakasulat na pamamaraan o mga kombinasyon nito, na maaaring elektronik, mekanikal, digital, optikal, magnetik at iba pang pamamaraan.

j) **CHILDREN'S PROTECTION DESK** - Isang seksyon sa mga istasyon ng pulis sa buong lalawigan na pinapatakbo ng mga opisyal ng pulisya na partikular na nagsanay sa pakikitungo sa mga kaso na kinasasangkutan ng mga bata.

k) **CORPORAL PUNISHMENT** - Tumutukoy sa kaparusahan o pagdisiplina para sa isang aktwal o naisip na pagkakasala, at/o mga gawaing ang layunin ay disiplina, pagsasanay o control, kung saan ang nagpaparusa ay isang matanda o ibang bata na nabigyan o gumaganap ng awtoridad o pananagutan para sa kaparusahan o disiplina, kabilang dito ang pisikal at nakakahiya o nanghihiyang kaparusahan.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng pisikal na parusa, tulad ng, ngunit hindi limitado sa:

(1) Mga pagpalo sa ano mang bahagi ng katawan ng bata , tulad ng paghataw; pagsipa; paghagupit; pagsampal, pagsagasa; pagsuntok, mayroon man o walang gamit na instrumento: tulad ng isang tungkod, sapatos, walis, patpat, latigo o sinturon;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

(2) Pagkurot; paghila ng tainga o buhok; pagyanig; pamimilipit ng mga kasukasuan; paggupit at pag-ahit ng buhok; pagputol o pagbutas sa balat; pagbitbit, paghila o paghagis ng bata;

(3) Pagpilit sa bata sa paggawa ng masakit o nakakapinsalang gawain, sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan, awtoridad o banta, tulad ng matagal na pagbuhat ng bagay; pagluhod sa bato, asin o maliliit na bata; squatting; nakatayo o nakaupo sa posisyong pilipit;

(4) Sinadyang kapabayaan ng pisikal na mga pangangailangan ng bata, kung saan ito ay inilaan bilang parusa;

(5) Paggamit ng mga panlabas na kagamitan, tulad ng mga gamit na nasusunog o nagyeyelo, at mga materyales gaya ng tubig, usok, paminta, alak, dumi o ihi;

(6) Pagkakulong at pagtrato, kasama na ang pagsilid sa saradong espasyo o paggamit ng materyal na bagay sa pagtali, o pagpilit na manatili sa mahabang panahon sa isang lugar lang;

(7) Iba pang mga pisikal na pagkilos na ginagawa sa katawan ng isang bata, na may layuning magparusa o magdisiplina, manakit o magbigay kakulangan sa ginhawa, gaano man kagaan;

(8) Nakakahiya at nanghihiyang kaparusahan, tulad ng, ngunit hindi limitado sa:

a) Anumang banta ng pisikal na parusa;
b) Pananakit gamit ang salita, banta o pananakot;
c) Pang-aabuso gamit ang salita, paninigaw, pagmumura, pang-iinsulto, panlalait o pangliliit;
d) Pang-iinsulto o pangmamaliit ng bata sa harap ng ibang bata o sa publiko;
e) Iba pang mga gawa o mga salitang may layuning maliitin, manghiya, sisihin, huwag pansinin, o mapawalay ang bata sa iba.

(9) Ang paggamit ng mga mapanganib na gawain bilang parusa o disiplina, kabilang ang paggawa ng bagay na lagpas sa lakas ng isang bata o magdala sa kanya sa mga materyales na hindi malinis o mapanganib; kagaya ng mga gawaing pagwawalis o paghuhukay sa mainit sa ilalim ng araw o ulan; paggamit ng pagpapaputi o insecticides; paglilinis ng mga kubeta ng walang gamit pang proteksyon

l) **DANGEROUS DRUGS** – tumutukoy sa lahat ng *drugs* o *substances* na nakalista sa RA 9165 o *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.*

m) **DISASTER RISK REDUCTION (DRR)** – Ito ang pamamaraan kung paano mababawasan ang dalang kapahamakan o masamang epekto ng kalamidad natural man o tao ang may sanhi. Ang susi sa pagbabawas sa peligro ng kalamidad ay ang pagbabawas sa bulnerabilidad at pagkalantad sa panganib at ang pagpapataas ng kapasidad ng mga taong lantad sa panganib. Sinasakop nito ang lahat ng mga aktibidad na isinasagawa sa bawat yugto ng kalamidad – bago, habang at pagkatapos ng kalamidad - na nakatuon sa apat na layunin: (a) mailigtas ang mga buhay; (b) mabawasan ang paghihirap ng katauhan; (c) mabawasan ang pinsala sa ari-arian at mga pagkalugi sa kabuhayan; at (d) mapabilis ang pagbangon at rehabilitasyon tungo sa kaunlaran.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

n) **DIVERSION -** Tumutukoy sa isang alternatibong proseso na tumutugon sa mga batang *in conflict with the law* nang hindi dadaan sa pormal na paglilitis sa hukuman.

o) **DIVERSION PROGRAM** - Tumutukoy sa mga programa para sa *child in conflict with the law* kung saan siya ay kinakailangang sumailalim pagkatapos niyang mahatulang responsable para sa isang pagkakasala ng hindi dadaan sa pormal na paglilitis sa hukuman.

p) **INABANDONANG BATA** - Tumutukoy sa isang bata na walang tamang pag-aalaga ng magulang o tagapangalaga, o iniwan ng kanyang mga magulang sa isang panahon na hindi bababa sa tatlong (3) patuloy na buwan, kasama na rin ang tinutukoy na foundling, ayon sa Republic Act No. 9253 o "Law on Certification of Child Legally Available for Adoption".

q) **KARAHASAN LABAN SA MGA BATA -** Tumutukoy sa lahat ng uri ng pisikal o pangkaisipang karahasan, pinsala o pang-aabuso, kapabayaan, pagsasamantala, o pang-aapi, kasama na ang sekswal na pang-aabuso na nararanasan ng bata sa lahat ng mga lugar o habang papunta at pabalik sa mga lugar, kasama na ang tahanan, paaralan, komunidad, lugar ng trabaho, sistemang pangkatarungan, mga institusyon at *cyberspace*. Kasama rin dito ay ang sadyang paggamit ng pisikal na lakas o kapangyarihan, kahit gaano kagaan, pananakot o aktwal man, laban sa bata, na gawa ng tao o grupo, na nagbubunga o may mataas na posibilidad na mamunga sa aktwal na o potensyal na pinsala sa kanyang kalusugan, kaligtasan ng buhay, pag-unlad o karangalan. Kabilang din dito ang *corporal punishment*, pati na rin ang emosyonal at nakakahiya o nanlalait na mga paraan ng kaparusahan; pang-aabusong sekswal, *trafficking* at pagbebenta ng mga bata, ang prostitusyon at *child pornography*, pagsasamantala, labis na pagpapahirap, at iba pang parusang malupit at di-makatao o mapanglait na pakikitungo, pang-aapi, mapanganib na tradisyon tulad ng child marriages, at ang karahasan sa media at teknolohiyang pang-impormasyon at kominikasyon.

r) **KOMPREHENSIBONG PROGRAMA LABAN SA KARAHASAN SA BATA -** Tumutukoy sa komprehensibo at nag-uugnay-ugnay na programa, mga serbisyo at mga pasilidad upang maprotektahan ang mga bata laban sa:

(1) pang-aabuso;

(2) *Corporal* at nanghihiya o nakakahiyang kaparusahan at iba pang mga anyo ng mga marahas na pagtrato sa tahanan, paaralan, komunidad, lugar ng trabaho, institusyon at *cyberspace*;

(3) Prostitusyon at iba pang mga sekswal na pang-aabuso;

(4) *Child trafficking*;

(5) Pornograpiya ng bata, kabilang na ang *cyber pornography*;

(6) Mga pangyayari na nagbabanta o inilalagay sa panganib ang kaligtasan ng buhay at ang normal na paglaki at pag-unlad ng mga bata;

(7) Tortyur, at iba pang parusang malupit, di-makatao o mapanglait na pakikitungo; at

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

(8) Iba pang mga gawa ng pang-aabuso.

s) **K-12 PROGRAM** - Isang batas na nag-aatas na ang mga Filipinong mag-aaral ay nararapat dumaan sa Kindergarten, anim na taon sa elementarya, apat na taon sa Junior High School at dalawang taon sa Senior High School. Sa Senior High School pipili ang mga estudyante sa specialized areas of learning kabilang ang performance arts, sports at vocational training. Magkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong magtrabaho, magkaroon ng sariling negosyo at mas may kahandaan sa kolehiyo mismo.

t) **LOCAL COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (LCPC)** – (RA 7610, Civil Code of the Philippines-Articles 359 & 360, RA 8980, PD 603) – Ang Memorandum Circular 90-04 ng taong 1990 ay nagbigay kapangyarihan sa lokal na pamahalaan na mag-organisa ng LCPC sa barangay, munisipyo, lungsod at probinsiya at siyang makikipag-ugnayan sa Council for the Welfare of Children (CWC) para makagawa at maisakatuparan ang plano at programa sa ikabubuhay, ika-uunlad, partisipasyon at proteksiyon ng mga bata at pagtulong, pagtaguyod at pagsuporta sa mga magulang na magampanan ang kanilang mga tungkulin.

u) **MGA CHILD CARE AND DEVELOPMENT WORKERS NA NAKATUTOK SA PAGKALINGA AT PAG-UNLAD NG MGA BATA** – Mga indibidwal o institusyon tulad ng mga ahensya ng gobyerno at IBA PANG mga PRIBADONG organisasyon na nagsusulong sa kapakanan ng mga bata.

v) **MGA KARAPATAN SA KALIGTASAN NG BUHAY** – Mga karapatan ng bata upang mabuhay. Tungkulin at pananagutan ng mga magulang at pamahalaan na siguraduhing maibigay ang mga pangangailang ng bata upang mabuhay kabilang na ang kalusugan, pagkain, tirahan, mga serbisyo sa proteksyon, pangangalagang panlipunan at social security, at iba pa, patungo sa interes at kapakanan ng mga bata.

w) **MGA KARAPATAN SA KAUNLARAN** – Mga karapatan ng bata sa pagkakaroon ng pagkakataon sa pag-aaral (pormal o di pormal), makagamit sa iba pang mga oportunidad sa edukasyon, sa kaukulang impormasyon, paglalaro, libangan, mga gawaing-pangkultural, at ang karapatan sa kalayaan ng pag-iisip, konsensiya at relihiyon.

x) **MGA BATANG KINAKAILANGAN NG ESPESYAL NA PROTEKSYON (*CHILDREN IN NEED OF SPECIAL PROTECTION*)** - Tumutukoy sa mga bata na namumuhay sa mga sitwasyong seryosong nagbabanta o naglalagay sa panganib ang kanilang kaligtasan ng buhay at ang kanilang normal na pag-unlad, kasama na ang mga bata sa pinakamalalalang anyo ng *child labor*, napabayaan at inabandonang mga bata, mga batang lansangan, mga biktima ng komersyal at sekswal na pagsasamantala, biktima ng pang-aabuso, mga bata sa sitwasyon ng armadong tunggalian, *children in conflict with the law*, ang mga bata sa iba't ibang anyo ng kapansanan, at mga batang katutubo.

y) **MGA KARAPATAN SA PAKIKILAHOK** - Kasama ang karapatan ng bata na mapakinggan, kabilang na ang kalayaan upang ipahayag ang sarili sa mga bagay na nakakaapekto sa kanyang buhay bilang bahagi ng pagiging isang responsableng mamamayan; kalayaan sa pagbubuo at pagsali sa mga samahan; *privacy*; at karapatan sa tamang impormasyong nararapat sa kanyang edad at kapasidad at may pagsasaalang-alang sa kanyang kultura.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

z) **MGA KARAPATAN SA PROTEKSYON** - Napapaloob dito ang mga karapatan na may kinalaman sa pagbantay sa mga bata at maipagtanggol siya laban sa lahat ng uri ng pang-aabuso, pagsasamantala, pag-abandona, diskriminasyon at karahasan sa lahat ng pagkakataon kung saan ang bata ay itinuturing na lubhang bulnerable.

aa) **PAGPAPABAYA SA BATA o HINDI PAGPANSIN SA BATA ("NEGLECTED CHILD or NEGLECT OF CHILD")** – Pagkait sa mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain, inumin, tirahan, damit at iba pang pangangailangan ng bata upang mabuhay.

bb) **PAGSASAMANTALA SA BATA** - Tumutukoy sa paggamit ng mga bata para sa kapakanan, kalamangan o pakinabang ng ibang tao, na madalas na nagbubunga sa hindi makatarungan, malupit, at mapanganib na pagtrato sa mga bata. Ang mga gawaing ito ay sa kapinsalaan ng pisikal o mental na kalusugan ng bata, edukasyon, moral o panlipunan at emosyonal na pag-unlad. Sinasaklaw nito ang sitwasyon ng pagmamanipula, maling paggamit, pang-aabuso, pambibiktima, pang-aapi o may masamang pagtrato.

Mayroong dalawang pangunahing mga paraan ng pagsasamantala sa bata, ito ay kinikilala na:

(1) **pagsasamantalang sekswal** - Tumutukoy sa pag-abuso ng isang posisyon ng kahinaan, kaugalian, kapangyarihan, o tiwala para sa seksuwal na mga layunin; pakinabang sa pera, panlipunan o politika, mula sa pagsasamantala, at pati na rin ang sekswal na kasiyahan.

(2) **pagsasamantalang pang-ekonomiya** - Tumutukoy sa paggamit ng mga bata sa trabaho o iba pang mga gawain para sa kapakinabangan ng iba, kabilang dito, ngunit hindi limitado sa *child labor*. Ito ay nagpapahiwatig ng pakinabang o tubo sa pamamagitan ng produksyon, pamamahagi at pagkonsumo ng mga kalakal at serbisyo. Ang interes na ito ay may epektong materyal sa ekonomiya ng isang yunit, maging ito ay Estado, ang komunidad o pamilya.

cc) **PANG-AABUSO SA BATA (Batay sa depinisyon ng RA 7610)** - Tumutukoy sa maling pagtrato sa bata, paulit-ulit man o hindi. Ang mga sumusunod ay mga uri ng pang-aabuso:

(1) Sikolohikal at pisikal na pang-aabuso, pagpapabaya, pagmamalupit, pang-aabusong sekswal at emosyonal na pang-aapi;

(2) Anumang kilos sa pamamagitan ng salita o gawa na humahamak, nagpapasama o nag-aalipusta sa dignidad at pagkatao ng isang bata;

(3) Pagkait sa kanyang mga pangunahing pangangailangan para sa isang ligtas na buhay tulad ng pagkain at tirahan:

(4) Hindi pagbigay ng gamot o atensyong medikal sa isang batang nasugatan na nagdulot ng malubhang pagkaantala sa kanyang paglaki at pag-unlad o permanenteng kapansanan o kamatayan.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

dd) **PINAKAMABUTI PARA SA BATA (*BEST INTEREST OF THE CHILD*)** - Tumutukoy sa mga proseso kung saan isinasaalang-alang ang pinakamabuti para sa kapakanan ng isang bata sa mga desisyon at pagkilos na may kinalaman sa kanya sa loob ng tahanan at sa lipunan.

ee) **POSITIVE DISCIPLINE** - ay isang pamamaraan kung saan ito ay may pagtingin sa pangkalahatan, konkreto at aktibong gawain ng magulang o pagtuturo sa mga bata na tumutulong bumuo sa nararapat na pag-uugali at pag-iisip sa maikli at mahabang panahon at nag-uudyok sa disiplinang pansarili. Ito ay batay sa mga prinsipyo ng karapatan ng mga bata, at sa pag-unlad ng bata, sa paggalang sa dignidad ng bata at pisikal na integridad, at ang mga prinsipyo ng mabisang pagtuturo.

ff) **PROGRAMA SA MGA BATA SA PANAHON NG EMERGENCY (*CHILDREN IN EMERGENCIES PROGRAM*)** - Isang komprehensibong programa sa mga bata sa panahon ng emergency, na naglalayong maprotektahan ang mga bata at suportahan ang kanilang agarang pag-rekober, na may layuninng ipatupad din ang mga probisyon ng Republic Act No. 10821 o ang "Children's Emergency Relief and Protection Act of 2016." Kasama sa programang ito ay ang mga sumusunod:

i. Comprehensive Emergency Program for Children (CEPC) na ibabalangkas ng ng DSWD kasama ang iba pang ahensiya at CSO;

ii. Pinaigting na mga hakbang upang mapigilan, matukoy, at matugunan ang mga ulat at insidente ng mga batang maagang nagtatrabaho, pagbebenta ng mga bata at iba pang uri ng pang-aabuso o pagsasamantala;

iii. Mas malawak na pakikilahok ng mga bata sa pagpaplano sa *disaster risk reduction* (DRR) at pagtataya ng pangangailangan pagkatapos ng kalamidad;

iv. Limitadong paggamit ng mga paaralan bilang evacuation centers, pagbabantay sa paggamit ng pansamantalang espasyo para sa pag-aaral o *temporary learning spaces* at binawasan din ang pag-antala sa mga serbisyong pang-edukasyon

v. Pagkolekta sa mga hiwa-hiwalay na datos na natutukoy para sa mga bata;

vi. Pagpapanauli o pagsasaayos ng mga nasirang dokumento sa rehistro sibil;

vii. Pinakamahusay na serbisyo para sa mga naulila, walang kasamang nakatatanda o napahiwalay na mga bata, kasama ang mga hakbang para sa mas mabilisang paghahanap at pagbabalik sa kani-kanilang mga pamilya; at

viii. Pagsasanay sa mga reresponde sa kumunidad, barangay lider, tauhan sa eskuwelahan at taga-sagip sa buong bansa sa pagproteksiyon sa mga bata at sa interbensiyong sikolohikal.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

gg) ***SOLID WASTE MANAGEMENT*** – Ang RA 9003 o Ecological Solid Waste Management Act of 2000 ay isang pambansang batas na may kinalaman sa makakalikasan at praktikal na pamamahala ng basura. Ito ay binubuo ng mga sumusunod na mga pamamaraan:

a. Paghihiwalay (segregation) ng nabubulok (biodegradable) at di-nabubulok (non-biodegradable);

b. Pag-recycle at pag-reuse ng mga di-nabubulok; at

c. Composting o paggawa ng abono mula sa mga nabubulok na basura.

hh) ***TRAFFICKING IN PERSONS*** **(Ayon sa RA 9208 of 2003)** – Ito ay ang panghihikayat, pagbabyahe, paglilipat, pamamahala, pagtatago o pagtanggap ng mga tao, may pahintulot man o wala ng biktima, sa loob man, patungo o palabas ng bansa, sa pamamagitan ng pagbabanta o puwersa, o anumang uri ng pamimilit, panlilinlang, pang-aabuso ng kapangyarihan o katayuan, pananamantala sa kahinaan ng iba, o ang pagbibigay o pagtanggap ng kabayaran o benepisyo upang makamit ang pahintulot ng isang tao na may awtoridad o superbisyon sa iba, na may layon ng pananamantala at pang-aabuso, kabilang ang prostitusyon, sapilitang paggawa, at pagbebenta ng parte ng bahagi ng katawan ng tao.

ii) Ang pangangalap, pagbabyahe, pamamahala sa mga bata o pagtanggap sa kanila mula sa iba na may layon ng pananamantala ay tinuturing din na "trafficking in persons" kahit wala ang mga kaparaanang nakasaad sa itaas.

PANGKAT II

PROVINCIAL COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN

SEKSIYON 4. PAGLIKHA NG *PROVINCIAL COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN (PCPC).* Dapat makaroon ng *Provincial Council for the Protection of Children* na babalangkas ng mga polisiya, programa, at proyekto gayundin ang pagtugaygay at ebalwasyon ng mga polisiya, programa at proyekto para sa kapakanan ng mga bata sa lalawigan ng Bulacan. Ang bumubuo ng PCPC ay:

Tagapangulo: Punong Lalawigan
Ka-Tagapangulo: Pangalawang Punong Lalawigan
Tagapangulo, Lupon ng Kababaihan at Lupon sa Paglilingkod Lipunan ng Sangguniang Panlalawigan

Mga Kasapi:

- Panlalawigang Tanggapan ng Tagapangasiwa
- Panlalawigang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad
- Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad
- Panlalawigang Tanggapan ng Kalusugan
- Panlalawigang Tanggapan sa Nutrisyon
- Panlalawigang Tanggapan ng Badyet
- Panlalawigang Tanggapan sa Pagpapaunlad ng Kabataan, Isports, at Hanapbuhay
- Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office
- Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo
- Panlalawigang Tanggapan sa Agrikultura

CERTIFIED PHOTO TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

- Panlalawigang Tanggapan ng Pampublikong Ugnayan
- Tanggapan ng Panlalawigang Ingat-Yaman
- Tanggapan ng Panlalawigang Manananggol
- Pangulo ng Liga ng mga Barangay, Bulacan Chapter
- Pangulo ng SK Federation
- Child representative
- DILG Provincial Director
- Kagawaran ng Edukasyon (Division ng Bulacan, Lungsod ng Malolos, Lungsod ng Meycauayan at Lungsod ng San Jose Del Monte)
- Pangulo ng Liga ng Bayan, Bulacan Chapter
- Provincial PNP Director
- Technical Education and Skills Development Authority
- At least three (3) CSO Representative
- Representative from ABSNET
- Representative from ALSWDOPI
- Representative from Samaka Po Inc.
- Parent Representative
- Provincial Disability Affairs Office (PDAO)
- Local Youth Development Office (LYDO)
- Parents Teacher Association (PTA)
- Council of Elders for Provincial Local Government Unit with Indigenous People (IP) Groups
- Solo Parent Organization
- Faith-based Organization
- Pag-asa Youth Association of the Philippines (PYAP)
- State Universities
- Aspiring Children and Youth Advocating for their Protection (ACYAP)

KALIHIMAN:

- Panlalawigang Tanggapan ng Tagapangasiwa
- Panlalawigang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad
- Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad

SEKSIYON 5. GAWAIN AT TUNGKULIN NG *PROVINCIAL COUNCIL FOR THE PROTECTION OF CHILDREN.* Ang mga sumusunod ay ang magiging tungkulin ng PCPC:

5.1. COUNCIL:

a) Bumuo ng mga programa, proyekto at mga gawain para sa mga bata at maglatag ng mga patakaran para sa kapakanan ng mga bata;
b) Maghanda ng Taunang Plano sa Gawain at Pagpopondo para maisama sa paglalaang gugulin;
c) Pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya, samahan o organisasyon na pampamahalaan o pribado sa pagpaplano, pagsubabay at ebalwasyon sa mga programa, proyekto at gawain;
d) Magrekomenda ng mga panukalang kautusan para sa ikasusulong ng kaligtasan, proteksiyon, at partisipasyon at kaunlaran ng mga bata; na may pagsasaalang-alang sa resulta ng taunang ebalwasyon;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e) Magsumite ng taunang ulat sa Pambansang Sanggunian, para sa Kapakanan ng mga Bata at bibigyan ng sipi ang Sangguniang Panlalawigan at ang Lupong Pang-rehiyon, Pang-Lungsod at Pang-Bayan para sa Kapakanan ng mga Bata;
f) Magpulong tuwing ikalawang Huwebes sa bawat huling buwan ng quarter;
g) Magtakda ng mga tiyak na gawain o programa na may katumbas na badyet upang maisakatuparan ang mga layunin;
h) Gabayan ang Working Committee upang tumugon sa mga kagyat na pangangailangan at magsasagawa ng mga bagay-bagay na itinatakda ng Kautusang ito;
i) Gumawa ng mga pag-aaral o pagsusuri tungkol sa kalagayan ng mga bata na may kaugnayan sa pagkamit ng kanilang karapatan;
j) Magsagawa ng taunang Child Rights Situational Analysis (CRSA) upang maging batayan sa pagsasagawa ng taunang plano;
k) Magtatag ng database ng mga bata kasama ang mga batang may kapansanan at mga *indigenous groups*;
l) Magpatupad ng mga serbisyo katulad ng neonatal screening at ng mga programa para sa early intervention ng mga batang may kapansanan;
m) Manguna sa pagsasagawa at pag-uulat ng State of the Children Address (SOCA);
n) Bumuo ng *Emergency Child Protection Group* sa panahon ng kalamidad.

5.2 WORKING COMMITTEE:

a) Tumulong sa pagbuo ng mga programa, proyekto at gawain sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kinakailangang datos at impormasyon sa PCPC;
b) Magbigay ng tulong teknikal at pakikipag-ugnayan sa gagawing konsultasyon, *workshop*, pagsusuri at *networking*;
c) Ihanda ang mga planong isasagawa at ang katapat na badyet para sa pagpapatibay ng PCPC;
d) Magsasagawa ng pananaliksik, pagsusuri at pagtiyak sa damdamin ng bayan upang gawing batayan sa pagrekomenda ng mga patakaran ng Sanggunian;
e) Kumilos para sa PCPC sa kapahintulutan ng Punong Lalawigan bilang Tagapangulo ng PCPC;
f) Manguna sa pagbibigay ng *capacity building activities* para mapataas ang kaalaman at kakayahan na mapangasiwaan ang mga programa para sa mga bata;
g) At iba pa sa atas ng PCPC.

5.3 KALIHIMAN:

a) Makipag-ugnayan at ipabatid sa lahat ng mga kasapi ng PCPC ang agenda at takdang mga gawain;
b) Magbigay ng mga sipi ng katitikan sa mga kasapi ng PCPC,
c) Tumanggap ng mga kalatas para sa PCPC at magpadala ng mga patalastas o komunikasyon sa mga kinauukulan;
d) Maging taga-tala sa pagpupulong ng PCPC;
e) Magpalimbag ng mga babasahin o materyales upang ipamahagi;
f) Magkaroon ng isang imbakan o bangko ng mga impormasyon ukol sa kapakanan ng mga bata; at
g) At iba pa sa atas ng PCPC.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

PANGKAT III

PARTISIPASYON NG LUNGSOD, BAYAN AT BARANGAY

SEKSIYON 6. Ang pamahalaang Lungsod, Bayan at Barangay, sa pamamagitan ng kanilang *Local Council for the Protection of Children (LCPC)* ay magsisilbing tagapagpaganap ng mga mandato, proyekto at programa na naaayon sa Kodigong ito sa kani-kanilang lugar na nasasakupan, na maaaring tumutukoy subalit hindi limitado sa mga sumusunod na gawain:

a. Imulat ang karapatan ng mga bata;
b. Magbigay ng mga pagkakataong mabatid ang tamang pagpapalaki sa mga bata at ang positibong ugnayan ng anak at magulang;
c. Proteksiyunan at tulungan ang mga batang abandonado, minaltrato, inabuso at subaybayan ang takbo ng mga kasong isinampa laban sa mga umabusong bata at iparating sa mga kinauukulan ang mabagal na aksiyon dito;
d. Proteksiyunan ang mga batang nagtatrabaho na hindi mapagsamantalahan;
e. Gumawa ng marapat na hakbangin upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga kabataang naliligaw ng landas at kung may problema sa pagitan ng anak at magulang ay kumuha ng mga ekspertong katulong sa paglunas;
f. Magpasa ng mga kautusan upang maiangat ang kalagayang pisikal, mental, moral at sosyal ng mga bata;
g. Magbukas at panatilihin ang mga palaruang bayan, child development centers, at iba pang pasilidad para sa kapakanan ng mga bata;
h. Makipag-ugnayan sa mga organisasyon at makuha ang kanilang tulong para sa kapakanan ng bata;
i. Maglunsad ng mga palabas sa komunidad na may paksang pang-kalinangan at kultura;
j. Tulungan ang mga magulang kung kinakailangan na makakuha ng mga magpapayo sa kanila;
k. Magmungkahi ng mga kapasiyahan na maaaring ipagkaloob sa mga planong pangkaunlaran at paglalaan ng badyet;
l. Magsumite ng ulat sa PCPC;
m. Kunin ang buong suporta ng mga otoridad na dalhin sa hukuman ang kaso ng sinuman na aktong gumagawa, gagawa o nakagawa na ng kasalanan bilang paglabag sa karapatan ng bata;
n. Dumulog at humingi ng tulong pinansyal sa pamahalaan at non-government organizations o mga pandaigdigang samahan kung minamarapat ito ng PCPC;
o. Bumalangkas ng kanilang plano at pondong gugulin na sang-ayon sa kanilang kakayahan;
p. Magsagawa ng iba pang gawain sang-ayon sa plano ng PCPC;
q. Magtayo ng ligtas na lugar o safe spaces para sa mga bata sa panahon ng emergency;
r. Magsagawa ng feeding program at iba pang mga serbisyo sa panahon ng emergency;
s. Tiyakin ang makabuluhang partisipasyon ng mga bata sa mga *Disaster Risk Reduction (DRR)* program;
t. Magpalaganap ng kaalaman tungkol sa DRR;
u. Magbibigay ng oryentasyon ukol sa mga karapatan ng mga bata kaalinsabay ang pagpapalaganap ng kaalaman sa proteksyon ng mga bata sa panahon ng kalamidad. Karagdagan dito ay ang pagpapalaganap ng kaalaman hinggil sa lahat ng uri ng pang-aabuso sa oras ng panganib at kaukulang sistema ng proteksyon.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

PANGKAT IV
KARAPATAN SA KALIGTASAN SA BUHAY AT PAG-UNLAD

SEKSIYON 7. REHISTRO NG KAPANGANAKAN. Titiyakin ng pamahalaang lokal ang pagpaparehistro ng kapanganakan ng lahat ng bata upang magarantiya ang karapatan ng bata sa pagkakakilanlan sa pamamagitan ng isang *Certificate of Live Birth.* Magkakaroon ng programang libreng rehistro ng kapanganakan para sa mga bata sa mga pinakamahihirap na pamilya, mga batang may kapansanan, at mga bagong panganak sa mga pamilyang nawalan ng tirahan dahil sa kalamidad o relokasyon. Sa pangunguna ng mga *Local Civil Registry* isasagawa ang libreng pagpaparehistro sa mga batang di pa naitatala sa kadahilanang *late registration* at walang kakayanang maiparehistro dahil kabilang sa mga *indigent* na pamilya. Magsasagawa ng malawakang *information dissemination* at *mapping* sa mga bata sa pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan.

SEKSIYON 8. PROGRAMA PARA SA PANGUNAHING PANGANGALAGA SA KALUSUGAN *(PRIMARY HEALTH CARE PROGRAM)*. Ipapatupad ng Barangay Health Center ang Pangunahing Pangangalaga sa Kalusugan *(Primary Health Care Program)* at susubaybayan ang pangkalusugang kondisyon ng mga kabataan sa kanilang nasasakop na lugar.

1. Para matiyak ang implementasyon ng programa, ang pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng *Provincial Public Health Office*, ay gagawa ng karampatang mga hakbanging naglalayong matugunan ang mga sumusunod:

   a) Para maiwasan ang sakit at malnutrisyon nang naaayon sa balangkas ng pangunahing pangangalaga sa kalusugan, sa pamamagitan ng teknolohiyang kaagad na magagamit;

   b) Para magsagawa ng isang komprehensibong programa para sa mga magulang at oryentasyon sa pag-unlad, katulad ng mga kurso sa *reproductive health*, kalusugang pambata at positibong mga pamamaraan sa pagpapalaki at kalinga ng mga bata;

   c) Para magsagawa ng plano para sa kalinga ng mga bagong panganak na sanggol o *Early Essential Newborn Care (EENC) Plan*;

   d) Implementasyon para sa kampanya ng Unang 1,000 Araw (First 1,000 Days);

   e) Bigyan ng kamalayan ang mga ina ng wastong pangangalaga sa kanilang mga sanggol;

   f) Para magsagawa ng kasanayang nakabase sa tahanan saklaw ang kalusugan at nutrisyon ng mga ina, bagong panganak, at mga bata (home-based maternal, newborn and child health and nutrition [MNCHN]), pagpapakain para sa mga sanggol at mga batang nasa murang edad (infant and young child feeding [IYCF] and pang-komunidad na Pinagkaisang Pangangasiwa ng mga Sakit ng Bata (Integrated Management of Childhoon Illness [IMCI]) para sa mga propesyonal sa komunidad na nagtratrabaho sa kalusugan;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

g) *Women's Health and Safe Motherhood Program* – Ang programang ito ay nagbibigay ng kumpletong impormasyon sa pangangalaga sa babae habang buntis at pangangalaga habang at pagkatapos manganak. Titiyakin ng panlalawigang pamahalaan ang mga serbisyo sa ospital o ibang health facilities ay nagagamit ng mga buntis. Ang mga sumusunod ay pamamaraan para masigurong malusog ang sanggol at mabuti ang kalusugan ng mga buntis:

1. Pumunta sa mga pre-natal checkup at checkup pagkapanganak para matiyak na walang problema at kung meron man ay malaman at mabigyan ng lunas.
2. Pagpabakuna laban sa Tetanus.
3. Serbisyo para sa pagpaplano ng pamilya.
4. Esklusibong pagpapasuso ng anim (6) na buwan at *complimentary feeding* pagkatapos ng anim na buwan.
5. Maternal and Neonatal Death Review.
6. Pangangalaga ng ngipin.
7. Magpaanak sa ospital o mga lisensyadong birthing facilities.
8. Pagbabawal sa pagpapaanak ng hilot.

2. Ang Pangunahing Programang Pangkalusugan ay dapat magkaroon ng mga sumusunod:

a. Kalusugan Alay sa Ina, Sanggol at Ama (KAISA) – nakatutok ito sa kalusugan ng ina at batang nasa kanyang sinapupunan, upang masiguro na magluluwal siya ng malusog na sanggol na may mga programang katulad ng mga sumusunod:

1. Anim (6) na buwan bago-makapanganak at pagkatapos-makapanganak (pre-natal at post-natal) na kalinga na ibibigay sa ina, kasama ang pagbibigay ng imunisasyon laban sa tetanus, sapat na Vitamin A at iron para sa mga buntis at nagpapasusong ina, at pangkagipitang kalinga para sa mga buntis na at may kaselanan sa pagbubuntis;

2. Bibigyan ng oportunidad ang lahat ng mga bagong silang na sanggol na maisagawa sa kanila ang new born screening mula 48 oras mula sa kanilang pagkapanganak para sa mga mahihirap na magulang ng bata;

3. Sisiguraduhin na lahat ng bata ay may sapat na sustansya, at ang mga batang kulang sa timbang ay ipasasailalim sa Programang Edukasyon sa Nutrisyon (Nutrition Education Program);

4. Ayon sa kagustuhan ng ina, kung maari ay ang panganganak ay isasagawa sa isang center o ospital kung saan sila ay matutulungan ng mga kwalipikado at mahusay na nagpapaanak;

5. Lahat ng mga sanggol na HIV-exposed at may inang HIV-positive ay bibigyan ng nararapat na case follow-up, kalinga at suporta.

6. Pagbibigay ng dental services sa mga batang walang kakayanang mapatingnan o maipagamot ng kanilang mga magulang.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

7. Add other programs and services for the father (c/o PHO)
   i. Programs aimed at fathers in general. They include father-child-activities, parenting programs, resources on involved fathering, and posters showing fathers interacting in positive ways with their children.
   ii. Services and resources for fathers who are going through change, like the birth of a baby, school-readiness, adolescent life, or understanding child development.
   iii. Provide parenting groups for fathers. There are fathers who are looking to get information about parenting and to build their skills as a dad.
   iv. Provide accessible & available services & resources for communicable & non-communicable disease prevention and control program.

b. *Mother and Child Re-Immunization Program*. Nakapaloob sa programang ito ay mga kalingang pambata at serbisyong pangkalusugang pangontra sa sakit, kasama ang mga sumusunod:

1. Ang pagsusubaybay at rehistrasyon ng mga kapanganakan at ang pagkumpleto ng mga serbisyong imunisasyon para sa pagkontra ng tuberculosis, diphtheria, pertusis, neonatal tetanus, measles, poliomyelitis, hepatitis B at iba pang mga sakit kung saan may nagawa nang mga bakuna, para maibigay sa mga batang may edad hanggang lima (5) taon;

2. Ang pagsusubaybay at rehistrasyon ng mga kapanganakan at ang pagkompleto ng imunisasyon na pinakamabisang proteksyon laban sa mga nakamamatay na sakit. tuberculosis, diphtheria, pertusis, neonatal tetanus, measles, poliomyelitis, hepatitis B, Beke, German measles. Ang lahat ng bata ay kailangang makumpleto ang bakuna bago mag isang taon, at

3. Ang pagbigay ng Vitamin A at pagtanggal ng bulate sa interbal na anim (6) na buwan.

SEKSIYON 9. ADOLESCENT FRIENDLY SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH PROGRAM.

Ang Kagawaran ng Tanggapan ng Kalusugan at ang Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad kasama ang iba't ibang ahensya ng gobyerno ay magbibigay sa kabataan ng access sa impormasyon at komunikasyon tungkol sa sekswal at *reproductive* na kalusugan na angkop sa kanilang edad ng pag-unlad at mga serbisyong pangkalusugang reproductive upang maiwasan ang maagang pagbubuntis ng kabataan, pagkalat ng sakit na nakukuha sa pagtalik tulad ng *HIV/AIDS* at mga serbisyo para sa mga buntis na kabataan alinsunod sa nakasaad sa mga probisyon sa RA 10354 o ang *Reproductive Health Law.*

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

Sisikapin ng panlalawigang pamahalaan na magtatag ng mga pasilidad para sa kabataan na malapit sa mga sekondaryang paaralan upang makapagbigay ng impormasyon, edukasyon at pagpayo sa mga kabataang nangangailangan ng pag-intindi at gabay. Gayundin, ang lokal na pamahalaan kasama ang iba't ibang ahensya ng gobyerno pribado man o hindi tulad ng Kagawarang ng Edukasyon, NGOs at mga pangkomunidad na organisasyon ng kabataan ay kailangang matiyak na makagawa at maisakatuparan ang mga developmentally appropriate adolescent inclusive programs na angkop sa pag-unlad ng kabataan at natutugunan ang sexual and reproductive health needs ng kabataan lalo na sa panahon ng krisis at ng kalamidad.

SEKSIYON 10. ACCESS OF CHILDREN TO SCHOOL AND COMMUNITY WATER, SANITATION AND HYGIENE (WaSH) FACILITIES. Ang lokal na pamahalaan ay sisiguruhin na mayroong malinis na tubig na inumin at gamit panglinis at maayos na palikuran (*water, sanitation and health facilities*) sa mga eskuwelahan at barangay. Titiyakin din ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Rural Sanitary Inspector na magkaroon ng palagiang pagsusuri sa mga pasilidad na ito at pagbigay ng agad na ulat tungkol dito lalo na kung kinakailangan.

SEKSIYON 11. MGA BATANG PASYENTENG MAY MGA MAGULANG NA MAHIRAP AT MGA BATANG BIKTIMA NG KALAMIDAD. Magtataguyod ng pang-ospital na pondo para sa mga batang pasyenteng may mga mahirap na magulang na nangangailangan ng serbisyo ng pampubliko doktor o espesyalista.

SEKSIYON 12. MGA OSPITAL, SENTRONG PANGKALUSAN, AT KLINIK NA PWEDENG GAMITIN NG MGA BATA. Dapat maglagay ng mga polisiya, serbisyo, pasilidad, mekanismo, kagamitan, at kasangkapang naaayon at pwedeng gamitin ng mga bata sa mga pampublikong ospital, sentrong pangkalusugan at mga klinik sa komunidad, lalong-lalo na sa mga pangkalusugang clinic at mga satellite klinik sa mga barangay na mas napupuntahan ng mga pinakamahirap na sektor ng lipunan, at mga batang may kapansanan.

SEKSIYON 13. PANGKALAHATANG PROGRAMA SA KAPAKANAN NG PAMILYA AT KOMUNIDAD. Magpapatupad at magtataguyod ang pamahalaang lokal ng pampamilya at pang-komunidad na programa sa suportang pangkapakanan. Kasama sa mga kurso at serbisyo ay patungkol sa reproductive health at kalinga ng mga bata, tamang pagganap ng mga magulang, pagpayo bago magpakasal at habang kasal, responsableng mga magulang, at iba pa. Kasama rin sa mga kurso at serbisyo ay patungkol sa community organizing, volunteer resource development, at social welfare structure development. Ang mga sumusunod na programa ay bubuo ng Pangkalahatang Programa sa Kapakanan ng Pamilya at Komunidad *(Comprehensive Family and Community Welfare Program)*:

1. Programa Para sa Kapakanan at Pag-unlad ng mga Bata at Kabataan. Kasama sa programang ito ay mga serbisyo sa kauring grupo (peer group), serbisyong nakabase sa komunidad para sa mga batang lumabag sa batas (children in conflict with the law), at serbisyo para sa mga batang nasa pinakamahirap na sitwasyon (children in especially difficult circumstances).

2. Programa sa Kapakanan at Pag-unlad ng mga Kababaihan. Kasama sa programang ito ang mga kurso at serbisyong gaya ng pansariling pagpapaunlad, kalinga ng ina at bata, pagpapalawig ng kakayahan para sa suporta sa trabaho at pagkakakitaan.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

3. Programa sa Nutrisyon. Kasama sa programang ito ang pagpapakain at pangangasiwa ng mga kinakain ng mga bata sa bahay at sa paaralan, hindi lamang sa maliliit na bata, at kung naaayon, sa mga mas nakakatandang bata at sa mga batang kailangan ng espesyal na proteksyon (*children in need of special protection*), sa mga sumusunod na serbisyo:

   a. Pagbibigay pagkain sa mga bata sa komunidad at paaralan na naaayon sa tamang oras;

   b. Programang edukasyon sa nutrisyon para sa mga magulang na nakatuon sa balanseng dyeta at ang paggamit ng natural na sangkap at sahog;

   c. Pagkakaroon ng sapat na masustansyang pagkain at malinis na inuming tubig para sa lahat ng bata;

   d. Regulasyon ng mga pagkaing paninda sa pampubliko at pribadong paaralan para makasiguro na tanging pagkaing masustansya at balanseng dyeta lamang ang binebenta sa murang halaga; lalo na sa mga mahihirap na kabataan; at

   e. Pagdiriwang ng Buwan ng Nutrisyon tuwing buwan ng Hulyo.

SEKSIYON 14. KAPALIGIRANG MALUSOG AT MABUTI SA KALUSUGAN *(HEALTHY AND SANITARY ENVIRONMENT).* Ayon sa RA 9003 o Ecological and Solid Waste Management Act ng 2001, ginagarantiya ng pamahalaang lokal ang paggamit, pangangasiwa, pagsasaayos, disposisyon, pagsasabago, at konserbasyon ng likas na kayamanan ng bayan para sa buong kapakinabangan ng bata at sa susunod pang henerasyon, sang-ayon sa prinsipyo ng responsibilidad ng mga magkakasunod na henerasyon (*inter-generational responsibility*) at ng prinsipyong nakabase sa pag-iingat (*precautionary principle*), lalung-lalo na sa usaping kontaminado at nakakalasong kemikal. Maglulunsad at magpapatupad ng mga programa at serbisyo kaalinsunod para ipatupad ang mga adhikain dito, kasama na ang mga sumusunod:

   a) Regulasyon ng paggamit ng di-natutunaw na mga kagamitan at materyales (*non-biodegradable materials and products*) sa mga paaralan at establisimiyentong pangkalakalan, kabilang na rito ang pagbabawal sa mga bata ng pagkolekta o paglilikom ng mga nakakalasong kemikal;

   b) Ang paggawa ng mga hardin sa bawat lugar o barangay at sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat din ang pampribadong paaralan na magkaroon din sila ng ganitong mga hardin; at

   c) Regulasyon at pagbabawal sa pagbili, paggamit at di wastong pag-imbak at pagtapon ng *mercury, lead*, at iba pang nakakalasong kemikal sa lahat ng antas ng pampribado at pampublikong mga paaralan.

SEKSIYON 15. PAG-KALINGA AT PAG-UNLAD NG MGA BATANG MAY EDAD 0-8 *(EARLY CHILDHOOD CARE AND DEVELOPMENT*). Ang pamahalaang lokal ay magpapatupad ng programa para sa pagkalinga at pag-unlad para sa mga batang may edad na 0-8 (*Early Childhood Care and Development Program*), na pamumunuan at isasagawa ng *Provincial Social Welfare Development at Department of Education*. Susuportahan din ng pamahalaang lokal ang mga programang hindi naka-base lamang sa mga *center*, katulad ng supervised neighborhood play groups. Ang *Early Childhood Care and Development Program* ay magkakaroon ng:

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

a) *Day Care Service Program.* Ipapatupad, at papaunlarin ng pamahalaang lokal ang kanyang *Day Care Service Programs.* Ang mga *child development centers* ay magsisilbi para sa mga batang may edad na 2-4, at dapat na magkaroon nito sa bawat barangay, kung saan ang bilang nito ay nakatakda ayon sa populasyon ng komunidad; at

b) *Child Minding Service Program.* Magtataguyod at magpapatupad ang pamahalaang lokal ng *Child Minding Service Program* para sa kalinga ng mga batang may edad na 0-3 na may mga magulang na nagtratrabaho sa araw; kung saan magkakaroon ng grupo ng mga tahanan (*network of homes*), at ang mga ito, pati na ang mga magkakalinga ay dapat bigyan ng training ng PSWDO, at ang pamamalakad ay naaayon sa *Manual for the Day Care Service Program* na gagawin at ipapatupad.

SEKSIYON 16. PANG-EDUKASYONG PROGRAMA NG K-12. Tinitiyak ng ahensyang magpapatupad na lahat ng mga batang nasa tamang edad para pumasok sa paaralan ay mabibigyan ng edukasyon ayon sa programang K-12 ng ating pamahalaan. Isasama sa *curriculum* ng bata and school for "*Living Tradition*" tulad ng kundiman, balagtasan, katutubong sayaw, awitin at iba pa para sa sining at kultura ng lalawigan.

SEKSIYON 17. EDUKASYONG DI-PORMAL. Bibigyan ng pansin ng pamahalaang lokal ang mga batang wala sa pormal na sistema ng edukasyon, ngunit nais makapasok at makatapos ng edukasyon sa elementarya at sekondaryang lebel, sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang uri ng di-pormal na edukasyon.

SEKSIYON 18. ALTERNATIBONG PAGBIBIGAY NG EDUKASYON. Ang pamahalaang lokal ay magtatakda ng isang di-pormal na klase at modular na setting katulad ng *Alternative Learning Services (ALS) Program.* Kabilang sa mga gagamit nito ay ang mga batang wala sa pormal na sistema ng edukasyon, open *high school*, at iba pang espesyal na programa sa mataas na paaralan katulad ng programang abot-alam, at programang madrasa na tinutukoy ang pagtuturo ng relihiyon, kultura at wika sa mga batang Muslim.

SEKSIYON 19. ESPESYAL NA PAMPAARALANG PROGRAMANG PAMAMAGITNA *(SPECIAL SCHOOL INTERVENTION PROGRAM)*. Magsasagawa ang pamahalaang lokal ng mga programang magbibigay lawak o *enrichment programs* para matukoy at mapunan ang pagkukulang sa pag-aaral ng mga batang nasa parehong antas pero hindi masyadong makasabay sa pag-intindi ng mga aralin, para mabigyan sila ng pansin upang makasabay sila sa pagtatapos ng antas.

SEKSIYON 20. PASILIDAD SA KALUSUGAN AT PAGLILIBANGAN. Magtatayo ang pamahalaang lokal ng mga pasilidad sa kalusugan at paglilibangan sa bawat bayan, lungsod at barangay, na nararapat sa iba't ibang edad ng mga bata, tulad ng palaruan, parke, *stadium* ng palakasan, *board games*, at iba pa.

SEKSIYON 21. IBA PANG MATERYALES PARA SA BATA. Para mapaunlad ang kasaysayan, sining, panlipunan at kultural na pag-unlad ng mga bata, itataguyod ng pamahalaang lokal ang produksyon ng mga materyales na magsusulong ng lokal na literature/lokal na kasaysayan at iba pang materyales para sa mga bata. Idadagdag sa *curriculum* ang lokal na kasaysayan ng lalawigan tulad ng mga bayani na itituro sa mga elementarya at sekondarya ng tuloy-tuloy para sa kamalayan ng mga kabataan.

SEKSIYON 22. IBA PANG PASILIDAD PARA SA BATA. Magtatayo at magtatakda ang pamahalaang lokal ng ibang uri ng mga pasilidad para sa bata, katulad ng mga silid-aklatan, museo, parke, palaruan at mga sentrong nakatutok sa mga batang lumabag sa batas o *children in conflict with the law.*

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 23. PANLIPUNAN, PANGKASAYSAYAN, SINING AT PANGKULTURANG MGA GAWAIN. Isusulong at susuportahan ng pamahalaang lokal ang regular na pagsasagawa ng mga aktibad at pagdiriwang ng mga okasyon na tumutukoy sa panlipunan at kultura. Magtatakda at magbibigay ng pagtulong ang pamahalaang lokal sa mga organisasyong magpapatupad nito.

SEKSIYON 24. PAMPUBLIKONG AKLATAN. Dapat bumuo ang pamahalaang lokal ng SEKSIYON sa pampublikong aklatan na nakalaan para sa mga bata, kung saan ito ay nagbibigay ng mga pasilidad, impormasyon at materyal na naaangkop sa bata mula sa iba't ibang mga pambansa at internasyonal na mga mapagkukunan, lalo na ang mga naglalayong magtaguyod ng panlipunan, espirituwal at moral na kagalingan ng bata, at pisikal at mental na kalusugan ng bata. Dapat ding magtatag ang pamahalaang lokal ng mga aklatan para sa mga bata, at mga programa para sa karunungang bumasa at sumulat. Pagtitibayin ang *Tech 4 Ed Program* ng Provincial History, Arts, Culture, and Tourism Office (PHACTO) para sa mga *out-of -school youth* at batang may kapansanan.

SEKSIYON 25. ESPESYAL NA PROGRAMA PARA SA PAGTULONG SA MGA MAY KAPANSANAN (*SPECIAL DISABILITY ASSISTANCE PROGRAM*). Sinisuguro ng pamahalaang lokal na ang mga batang may kapansanan ay mabibigyan ng pagkakataong makakuha ng edukasyon at mabigyan ng malawak na oportunidad upang mapaunlad ang kanilang kakayahan. Dapat ding pagtibayin ng mga paaralan at institusyon ang pagtuon sa mga pangangailangang espesyal ng mga batang may kapansanan, kasama na rito ang mga kagamitan at pasilidad ng mga paaralan, iskedyul ng mga klase, pangangailangan sa pangkalakasan (physical education), pagkakaroon ng iba pang serbisyong makakatulong (*auxiliary services*), at iba pang konsiderasyon. Ang pamahalaang lokal sa pakikipag-ugnayan sa DepEd ay magsasagawa ng taunang pagtitipon o *workshop* para sa mga batang may kapansanan upang mas maipakilala sila sa kanilang lipunan at mas mapaunlad ang kanilang mga kasanayan. Ang mga sumusunod ay ang mga programang tutugon sa espesyal na pangangailangan ng mga *Person with Disability* (PWD):

a. Survey at aktibong programa para sa mga taong may kapansanan o Person with Disability (PWD) – Ang pamahalaang probinsiya/lungsod/munisipyo ay gagawa ng isang kumprehensibong *survey* at pag-analisa sa sitwasyon ng mga batang may kapansanan sa probinsiya. Ang PSWDO kasama ng DepEd at PHO ang siyang mangunguna sa pagsasagawa ng gawaing ito. Ang resulta ng pag-analisa sa sitwasyon ang siyang magiging basehan sa pagpa-plano ng Provincial Council for the Welfare of Children at iba pang ahensiya, programa at proyekto para sa mga bata. Ang PSWDO ang siyang magkokoordina sa mga ahensiya ng gobyerno sa pagsubaybay sa mga lokal na botika at magbabantay sa mga paglabag sa 20% na discount sa mga batang may kapansanan at mga kaugnay na polisiya, batas o memo tulad ng 12% na discount sa mga medisina at RA 10754.

b. Suporta sa *Special Education* – Susuportahan ng pamahalaang probinsiya ang programa para sa *Special Education* na kasalukuyang ipinapatupad ng DepEd sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pinansiyal. Ang pamahalaang probinsiya, sa tulong ng DepEd, ay sisiguraduhing maitatayo ang *Special Education Center*, anuman ang kinakailangan upang makapag-*enroll* ang mga batang may kapansanan, sa kanilang mga barangay. Ang pamahalaang probinisya ay regular na maglalaan ng pondo para sa SPED *program* na manggagaling sa *Special Education Fund* (SEF). Ang pamahalaang probinsiya ay mahigpit na makikipagtulungan sa DepEd upang masigurado na lahat ng paaralan, elementarya or high school ay magkakaroon ng guro na makakapagturo ng mga batang may espesyal na pangangailangan. Kung praktikal na maisasagawa, ang pamahalaang probinsiya, kasama ng DepEd, ay magtatayo sa bawat distrito ng isang sentro para sa mga batang may espesyal na pangangailangan o maaari ding makipag-ugnayan sa mga *civil society* groups para sa pagtatayo o pagmimintina ng mga sentrong ito.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 26. PAGSASAMA NG PAKSANG CONVENTION ON THE RIGHTS OF THE CHILD SA MGA KURIKULUM NG PAARALAN. Bilang bahagi ng adbokasiya, pagbabahagi ng impormasyon at kampanyang edukasyon ng pamahalaan tungkol sa mga karapatan ng bata na mailigtas, umunlad, mabigyang proteksiyon at seguridad at makibahagi sa lipunan, ang pagtalakay sa mga karapatan ng bata ay lubos na hinihikayat na maging bahagi ng kurikulum sa lahat ng antas ng mga pampubliko at pribadong paaralan sa Bulacan.

Hihikayatin ng mga paaralan ang aktibong partisipasyon at pamumuno ng mga mag-aaral tulad ng nakasaad sa *DepEd Order 49 series of* 2011 (*Mandated Programs, Projects, and Activities of the Supreme Student Government*) sa mga gawaing pang-komunidad na siyang naglalatag ng pundasyon para sa mabuting pamamalakad, boluntarismo, pagkakaisa at kooperasyon. Bibigyan ng mga paaralan ang mga mag-aaral ng mga pagkakataon upang mapaunlad nila ang kanilang mga kaalaman, kasanayan at pag-uugali sa pamumuno.

Ang mga organisasyon, grupo at iba pang mga institusyong labas sa gobyerno na makikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ay titiyaking susundin ang mga tamang protocol at mananagot sa kaligtasan at seguridad ng mga mag-aaral. Kinakailangan nilang kumuha ng permiso na may kasulatan (*consent forms*) mula sa mga magulang o tagpag-bantay ng mga bata. Ang mga paaralan ay maglalabas ng sulat na pinapayagan ang mga mag-aaral na sasama sa mga aktibidad na makakatulong sa kanilang pag-unlad.

SEKSIYON 27. AKLAT PARA SA PROTEKSYON NG BATA *(SCHOOL HANDBOOK ON CHILD PROTECTION).* Magpapatibay at magpapalabas ang pamahalaang lokal ng Aklat Para sa Proteksyon ng Bata (*Handbook on Child Protection*) para maisama ang polisiya ng DepED ng proteksyon para sa mga bata para lalong maproteksyunan ang mga mag-aaral. Nagtatakda ito ng mga karapatang pambata at iba pang mga isyu at alalahanin ng proteksyong pambata. Ang Handbook ay malawakang ibibigay, at magbibigay ng orientasyon ukol dito para sa mga magulang, guro, mga tauhan sa paaralan at mga mag-aaral.

SEKSIYON 28. EDUKASYON PARA SA MGA MAGULANG *(PARENT EDUCATION).* Ang pamahalaang lokal ay magsasagawa ng mga programa sa edukasyon para sa mga magulang, upang maitaas ang kapasidad ng mga magulang na mapalaki ang kanilang mga anak sa isang malusog, mapagmahal at mapagkalingang kapaligiran na naaayon sa kanilang normal na paglaki at pag-unlad. Ang nasasabing hakbang ay ipapaloob sa mga sumusunod:

a) Mga *seminar* bago ikasal na ibibigay ng pamahalaang lokal;
b) Mga pagsasanay ukol sa karapatang pambata, pag-unlad ng bata, positibo at di-marahas na disiplina, pang-aabuso sa bata, hustisiya sa mga bata, pag-unlad ng karakter at kabutihang asal;
c) Programang kapakanang panlipunan ng pamahalaang lokal; at
d) Iba pang oryentasyon para sa mga magulang na gaganapin sa pampubliko at pampribadong elementarya at mataas na paaralan.

SEKSIYON 29. PAGKAKALOOB NG SUPPORTA SA PAGSASANAY. Ipagkakaloob ng pamahalaang lokal at susuportahan ang mga programa sa pagsasanay para sa mga tagapagturo at mga propesyonal sa kalusugan at iba pang *stakeholders* o kaagapay sa pagpapatupad ng mga espesyal na programa para sa mga bata na may espesyal na pangangailangan, at pinansiyal na tulong sa kanilang mga pamilya.

SEKSIYON 30. CHILD FRIENDLY BUILDING. Sa pagpapatibay ng mga plano ng mga *commercial buildings*, tiyakin ng Panlalawigang Inhinyero na kasama sa plano ang kaligtasan ng mga bata sa aksidente. Ang mga sumusunod ay mga panukalang dapat isa-alang-alang;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

1. Ang mga balustre sa hagdanan ay dapat na may distansya na hindi lalampas ng anim na pulgada upang maiwasan ang paglusot ng bata;
2. Sa mga gusaling mahigit na isang palapag, dapat maglagay ng mga patayo at pahalang na balustre na ang pagitan ay hindi lalampas sa anim na pulgada at ang taas ay hindi kukulangin sa limang piye; at
3. Dapat mayroong hugasan o palikuran sa mga batang pumapasok sa *commercial building* gayundin para sa mga batang may kapansanan.

Ang paglabag sa mga tadhanain ng seksiyon na ito'y sapat na batayan upang hindi aprubahan ang plano.

SEKSYON 31. "ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM ACT" [REPUBLIC ACT NO. 11510]. Ang ating Pamahalaang Panglalawigan ng Bulacan ay sisiguruhin at mas pag-iibayuhin pa ang pagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa ating mga out-of-school children in special cases and adults para sa alternatibong edukasyon upang mas mapaunlad ang kanilang kaalaman, kahalagahan, kabuhayan, kakayaham at kahandaan para sa mas mataas na antas ng edukasyon at trabaho sa pamamagitan ng mga impormal na edukasyong binuo ayon sa kanilang kakayahan at pangangailangan sa tulong ng Kagawaran ng Edukasyon at ng iba't ibang sangay ng pamahalaan.

SEKSYON 32. "KALUSUGAN AT NUTRISYON NG MAGNANAY ACT" [REPUBLIC ACT NO. 11148]. The Provincial Government of Bulacan guarantees the integration of maternal, neonatal, child health and nutrition programs in the local nutrition action and investment plans for health.

SEKSYON 33. INSTITUTING A POLICY OF INCLUSION AND SERVICES FOR LEARNERS WITH DISABILITIES IN SUPPORT OF INCLUSIVE EDUCATION ACT [REPUBLIC ACT NO. 11650]. The Provincial Government of Bulacan ensures the creations of alternative programs and services to protect and promote the rights of all learners with disabilities, including those belonging to ethnic, religious or linguistic minorities or persons of indigenous origin to education based on equal opportunity.

SEKSYON 34. "EXPANDED SOLO PARENTS WELAFARE ACT"[REPUBLIC ACT NO. 11861]. The Provincial Government of Bulacan supports the promotion of a just and dynamic social order that ensures the prosperity and independence of the nation and free the people from poverty through policies that provide adequate social services, promote full employment, a rising standard of living and an improved quality of life. Thus, we acknowledge and guarantee the inclusion of the following in the qualified beneficiaries of programs and services for solo parents:

1. spouses or any family member of Overseas Filipino Workers (OFWs) who are in the low/semi-skilled category and are away from the Philippines for an unbroken period of 12 months.

3. grandparents and family members or qualified guardians who bear sole responsibility over the child.

PANGKAT V
KARAPATAN SA PROTEKSYON

SEKSIYON 35. PROTEKSIYON NG BATA LABAN SA ABUSO, PAGSASAMANTALA AT DISKRIMINASYON. Ipatutupad ng walang kinikilingan ang mga probisyon ayon sa RA 7610 na kilala bilang *Batas na Nagbibigay ng Malakas na Pagpigil at Espesyal na Proteksiyon laban sa Pang-aabuso, Pagsasamantala at Diskriminasyon* at ang pagtatakda ng mga kaparusahan sa lalabag nito.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

A. ***CHILD IN PROSTITUTION* AT ABUSONG SEKSWAL** – Ang sino mang bata, lalaki o babae, na ng dahil sa salapi o pamumuwersa o kaya ay sa impluwensiya ng matatanda, sindikato o malalaking grupo ay nakipagtalik o gumawa ng mga aktibidad na sekswal ay tinuturing na mga batang biktima ng prostitusyon at iba pang pang-aabusong sekswal. Ang sino man na umupa, humikayat, gumanyak sa bata na makipagtalik o gumawa ng alinman sa mga sumusunod ay dapat hulihin at ipagsakdal bilang paglabag sa Seksiyon 5 ng RA 7610:

a) Nagsilbing bugaw sa pamamagitan ng sulat o salita;
b) Gumaganyak ng tao na makipagtalik at gumawa ng sekswal na aktibidad sa bata sa pamamagitan ng salita o gawa;
c) Pakikisama sa bata upang gamitin siyang *prostitute*;
d) Pananakot o pamumwersa sa bata na maging prostitute o sumali sa malalaswang palabas; at
e) Pagbibigay ng salapi o anumang bagay sa bata para mahikayat na maging *prostitute*.

B. **ESTABLISIMENTONG GINAGAMIT SA *CHILD PROSTITUTION*** – Bawal sa anumang establisimento ang mag-promote ng *child prostitution, child abuse, child trafficking* at malalaswang babasahin at palabas. Ang sinumang lalabag ay isasakdal sa hukuman at mapaparusahan ayon sa RA 7610.

SEKSIYON 36. PAGBABAWAL SA PINAKAMALALANG ANYO NG PAGTRA-TRABAHO NG BATA. Walang bata ang dapat sumasailalim sa pinakamalalalang anyo ng pagtra-trabaho ng bata. Ang katagang "pinakamalalalang porma ng pagtra-trabaho ng bata" (worst forms of child labor) ay tumutukoy sa alinman sa sumusunod ayon sa RA 9231:

1. Lahat ng anyo ng pang-aalipin, ayon sa RA 9208 o *Anti-trafficking in Persons Act of 2003* o mga gawaing kahalintulad ng pang-aalipin tulad ng pagbebenta at *trafficking* ng mga bata ayon sa RA 7610, pagbabayad utang, *serfdom*, pwersahan or sapilitang pagtra-trabaho kasama na ang pag-recruit ng mga bata sa armadong labanan o;

2. Ang paggamit, pagbili, pag-alok o paglantad sa bata sa prostitusyon, para sa paggawa ng pornograpiya o para sa mga palabas na pornoggrapiya o;

3. Ang paggamit, pagbili o pag-alok ng bata para sa mga iligal na gawain, kasama na ang paggawa o *trafficking* ng mga ipinagbabawal na gamot at mga *substances* na nakasaad sa batas o;

4. Anumang gawain, na depende sa paraan ng pagkakagawa, ay mapanganib o malaki ang tsansang makakapagdulot ng panganib sa kalusugan, kaligtasan o moralidad ng bata, na magiging dahilan ng:

   a. Pag-aalipusta, pagmamaliit o pagkawala ng pagpapahalaga at dignidad ng bata bilang isang tao;
   b. Pagkakalantad ng bata sa pisikal, emosyunal o seksuwal na pang-aabuso o nakakapagdulot ng matinding saykolohikal na pagkabahala o labag sa moralidad;
   c. Isinasagawa sa ilalim ng lupa, sa ilalim ng tubig o sa peligrosong taas;
   d. Ginagamitan ng mapanganib na makinarya, kagamitan o kasangakapan tulad ng mga ginagamitan ng kuryente o mga pampasabog;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e. Inilalantad ang bata sa pisikal na panganib tulad ng ngunit di limitado sa mga mapanganib na pagbabalanse, matinding pisikal na lakas o yung mga nangangailangan ng paglilipat ng mga mabibigat na kargamento;

f. Isinasagawa sa hindi mabuting kapaligiran na naglalantad sa bata sa mga mapanganib na kondisyon ng pagtra-trabahuan, mga element, mga sangkap o proseso na kinasasangkutan ng mga *ionization*, *radiation*, apoy, madaling masunog na mga sangkap, nakakalasong mga bagay o mga kahalintulad nito o sa mga matinding temperature, ingay at pagyanig o pag-uga.

g. Isinasagawa sa ilalim ng napakatinding hirap na mga kondisyon;

h. Inilalantad ang bata sa mga bayolohikal na mga sangkap tulad ng mga bacteria, fungi, viruses, protozoans, nematodes at iba pang mga parasite;

i. Isinasabak sa paggawa o paggamit ng mga eksplosibo at mga gamit sa paggawa ng paputok.

Ang lahat ng uri ng pang-aalipin o mga gawaing tulad nito gaya ng pagbebenta at *trafficking*, pagbabayad – utang at *serfdom* o sapilitang papapatrabaho ay mapaparusahan ng pagkakulong ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon o ang multa na hindi bababa sa Limampung Libong Piso (P50,000.00) ngunit di lalagpas sa Tatlong Daang Libong Piso (P300,000.00) na nakasaad sa RA 9208 o *Anti-trafficking in Persons Act of* 2003 at R.A. 7610 o ang *Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act.*

A. BATANG MANGGAGAWA

1) Kailangang mayroong permit mula sa DOLE na nagsasabing payag ang kagawarang ito na maghanap-buhay ang isang batang labing-pitong (17) gulang pababa at magtatrabaho siya na hindi malalagay sa alanganin ang kanyang buhay.

2. Sa pagkakataon na ang mga batang manggagawa ay napatunayang inaapi at inaabuso sa kanilang lugar ng trabaho sila ay sasagipin at bibigyan ng tulong ng lokal na pamahalaan. Ang PCPC ay magbibigay ng pagsasanay sa mga lokal na pulisya ng siyudad, bayan at barangay sa pagresponde at pagsagip sa mga batang manggagawang inabuso at inaapi.

B. PROHIBITION ON THE EMPLOYMENT OF CHILDREN IN CERTAIN ADVERTISEMENTS - Ipinagbabawal ang pagtatrabaho ng bata bilang modelo o taga endorso ng mga produkto tulad ng mga inuming nakalalasing, sigarilyo, junk foods at mga anunsyo sa diyaryo, telebisyon at radyo na nagpapakita ng karahasan.

SEKSIYON 37. KARAPATAN SA PROTEKSYON NG MGA BATANG NASA PANGANIB AT MGA BATANG LUMABAG SA BATAS *(CHILDREN-AT-RISK AND CHILDREN IN CONFLICT WITH THE LAW)* – Bibigyan ang *children-at-risk* at *children in conflict with the law* ng mga espesyal na proteksyon na nakasaad at naaayon sa R.A. No. 9344 o ang *"Juvenile Justice Welfare Act"*, na naamyendahan ng R.A. No. 10630. Sa pamamagitan ng pagtupad ng mga responsibilidad ng mga kasama sa panghustisyang sistemang criminal, mula sa komunidad, kapulisan, prosecutor, abogado para sa akusado tulad ng *Public Attorney's Office* (PAO), hukuman, at iba pang ahensya ng pamahalaan tulad ng Child Welfare Office, ang mga karapatang pambata at mga espesyal na hakbang pang-proteksyon ay maisusulong at maisasakatuparan. Ang pagtalaga ng mga kwarto para sa mga bata, *centers,* programang para sa mga batang nagkasala sa batas na naka-base sa komunidad (community-based juvenile intervention programs), at *diversion programs* ay naaayon ring proteksyunan at isulong ang karapatang pambata batay sa IRR ng RA 9344, Rule 5.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

A. **PROGRAMA SA BAHAY PAG-ASA.** Pagtatayo ng mga 'Bahay Pag-asa' sa lahat ng mga LGUs na mangangalaga sa mga batang lumabag sa batas. Sa pagtataguyod ng punong lalawigan/lungsod/bayan/barangay at sa pangunguna ng PSWDO at mga C/MSWDOs, magsasagawa ng mga programang tutugon sa mga pangunahing pangangailangan katulad ng pagkain, damit, tirahan, gamot at paglilibangan. Paiigtingin ang mga pagsasagawa ng *diversion programs.*

B. Ang mga kinauukulang kawani ng Panlalawigang Tanggapan sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad o kahalintulad nila ang mamamahala sa mga batang may kaso sa hukuman. Sa pakikipagtulungan sa iba pang ahensya, ang *social worker*, na may hawak sa kaso ng bata ang siyang susubaybay sa kaso at sa suspension ng hatol.

SEKSIYON 38. KARAPATAN SA PROTEKSYON PARA SA MGA BATANG KAILANGAN NG ESPESYAL NA PROTEKSYON *(PROTECTION RIGHTS OF CHILDREN IN NEED OF SPECIAL PROTECTION).* May obligasyon ang pamahalaang lokal na pangalagaan at bigyang proteksyon ang mga karapatan ng iba pang kabataang may espesyal na pangangailangan, tulad ng mga bata sa mga tagò at malalayong lugar o mga napapabilang sa mga katutubo, o iyong mga hindi nakakapag-aral, mga mahihirap, mga inabandona, mga pinabayaan, mga inabuso, kabataang kabilang sa *Lesbians, Gay, Bi-Sexual at Transgender* (LGBT), mga batang may edad 0-5, mga batang nagtratrabaho, mga batang lansangan, at ang mga batang may kapansanan. Dapat makipagtulungan ang pamahalaang lokal sa pagbibigay ng kalinga, pagsasanay at proteksiyon sa mga kinauukulang pribado at pampublikong ahensiya para sa kapakanan ng mga bata.

SEKSIYON 39. PAGPAPASKIL NG BABALA UKOL SA *CHILD PROTECTION*. Lahat ng *hotel, sauna bath, inn, motel, nightclub*, at mga katulad na establisimiento ay dapat magpaskil sa hayag na lugar ng kanilang gusali ng mga impormasyon o pabatid ukol sa *child protection*. Kung wala ito, maaaring hindi isyuhan o kanselahin ang lisensya ng nasabing establisimiento ng lokal na pamahalaan. Magtatakda ng angkop na *Information Education Communications (IEC) materials* ang PCPC na ibababa sa lahat ng lokal na pamahalaan sa buong probinsya.

SEKSIYON 40. *CHILD TRAFFICKING.* Ang sino mang mapapatunayan na direktang may kinalaman o sangkot sa bilihan ng bata o kaya ng may kapalit ay mapaparusahan sa ilalim ng Article IV ng RA 7610; Ang *child trafficking* ay nagaganap sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod:

a) Ang buntis na ina, ama o tagapag-alaga ng bata ay gumawa ng *affidavit* na pumapayag para ampunin ang bata dahil sa pera o kaya pumayag na iparehistro ang bata sa pangalan ng ibang magulang dahil sa salapi o kahit walang bayad;

b) Isang tao, ahensiya, establisimyento o institusyon na kumuha ng babae o mag-asawa na magka-anak upang ito'y ipagbili;

c) Doktor, kawani ng ospital, narses, komadrona, *Local Civil Registrar* o sino mang tao na gumawa kunyari na may ipinanganak para sa pagtatrapiko ng bata;

d) Isang tao na naghahanap ng bata sa mga pamilyang mahihirap, ospital, klinika, *child development center* o iba pang alagaan ng bata na siyang inalok para sa pagtatrapiko ng bata; at

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e) Isang tao, awtoridad, ahensiya o institusyon na saksi sa trapiko ng bata na hindi inireport ang nasabing transaksiyon. Ang mapatutunayan na nagkasala sa seksiyon na ito'y parurusahan ng hukuman ng multang hindi bababa sa Sampung Libong Piso (P10,000.00) at/o pagkabilanggo o kapwa multa at bilanggo ayon sa direksyon ng hukuman.

SEKSIYON 41. SERBISYONG LEGAL. Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay magbibigay ng tulong legal sa pamamagitan ng libreng konsultasyon at pagbibigay ng legal opinion sa sinumang batang biktima ng pang-aabuso sa tulong ng *Provincial Legal Office (PLO)*, gayon din ang pinansiyal na tulong na gagamitin sa pag-aasikaso sa kanilang isinampang kaso sa tulong naman ng PSWDO.

SEKSIYON 42. PAGSASANAY PARA SA MGA *WOMEN AND CHILDREN PROTECTION DESK (WCPD) OFFICER*. Ang nakatalagang WCPD Officer sa mga lungsod at bayan ay kinakailangang dumaan sa mga espesyal na pagsasanay para sa wasto at epektibong paghawak ng mga kasong may kinalaman sa pang-aabuso sa bata na ayon sa R.A. 9262 Sec. 42 o *Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004.*

SEKSIYON 43. PAGSASANAY NG MGA FOR DUTYBEARERS NA HUMAHAWAK NG MGA KASO NG MGA BATA. Ang lahat ng ahensya na tumutugon sa mga kaso ng mga bata at mga taong tagapaghatid serbisyo ay sasailalim sa isang komprehensibong pagsasanay. Kasama dito ang mga tauhan ng P/C/MSWDO, P/C/MHO, miyembro ng LCPC, P/C/MDRRMC, BDRRMC, guidance coordinators ng paaralan, child development workers at iba pang taong tumutugon sa mga kaso ng mga bata.

SEKSIYON 44. PAGBABAWAL SA KAPARUSAHANG MARAHAS. Ang pagpaparusang marahas sa mga bata ay ipinagbabawal sa tahanan, *early childhood development facilities and child development centers and facilities*, pang-komunidad na pasilidad, gym, mga opisina ng gobyerno at iba pang lugar na mayroong mga bata.

May pananagutan sa batas at bibigyan ng kaukulang kaparusahan sakaling mapatunayan na nagkasala ang mga taong nag-aalaga sa mga bata kabilang na ang mga magulang, kasambahay, yaya, tagapag-alaga, foster parents, kamag-anak, guro, opisyal ng pampubliko o pribadong opisina, opisyal ng pribadong paaralan at vocational institutions, employers, supervisors, mga tauhan ng simbahan at iba pang mga taong may tungkuling pangalagaan ang bata.

Ang magkakasala ay makukulong ng hindi hihigit sa isang (1) taon at pagbabayad ng multa na hindi hihigit sa Dalawang Libo at Limang Daang Piso (P2,500.00).

SEKSIYON 45. PAGPAPALAGANAP NG *POSITIVE DISCIPLINE*. Ang PCPC ay magbubuo ng komprehensibong programa para sa pagpapalaganap ng *positive discipline* kapalit ng pagpaparusang marahas sa mga bata. Magkakaroon ng tuluy-tuloy na impormasyon, edukasyon at pagsasanay para sa mga magulang, guro at mga tagapag-alaga ng mga bata sa mga paaralan, barangay, bayan at lungsod.

SEKSIYON 46. PAGTATATAG O SUPORTA SA MGA NAITAYO NG 'BAHAY KALINGA' PARA SA MGA BATA. Sa pangunguna ng PSWDO at iba pang ahensya ng pamahalaan, magtatatag kung wala pa o susuporta sa mga pribadong institusyon ang lalawigan, lungsod at bayan para sa mga 'Bahay Kalinga' o kahalintulad na pasilidad na magsisilbi rin itong tirahan at sentro ng pagsasanay ng mga abandonadong bata, biktima ng pang-aabuso at mga pinagsamantalahan na nangangailangan ng *psychosocial interventions* at iba pang serbisyo. Makikipag-ugnayan sa mga NGOs at iba pang CSOs kung walang kakayanan ang kinauukulang lungsod at bayan na balikatin ang naturang serbisyo.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 47. *PSYCHOSOCIAL PROGRAM* PARA SA MGA BATA AT PAMILYA. Ang PSWDO sa pakikipag-ugnayan sa ibang ahensiya ng pamahalaan at sa pribadong sektor, ay bubuo ng plano o palatuntunan tungkol sa *psychosocial interventions* para sa mga bata at pamilya, pangunahin na yaong mga nananatili sa mga *evacuation centers* at nakatira sa mga lugar na naapektuhan ng kalamidad at mga biktima ng pang-aabuso.

SEKSIYON 48. *ANTI-LOITERING* PARA SA MGA WALA PANG LABING WALONG (18) TAONG GULANG. Bawal sa bata na gumala sa mga pampublikong lugar mula alas 10:00 ng gabi hanggang alas 4:00 ng umaga maliban na lang kung may kasamang magulang, tagapag-alaga o isang matanda at nasa isang sitwasyon na wala silang kontrol. Sa pangunguna ng PNP katuwang ng PSWDO at C/MSWDOs, ang mga batang mahuhuling lumalabag dito ay dadalhin sa *drop-in centers* ng mga lungsod o bayan kung saan naninirahan ang bata para sa nararapat na aksiyon.

SEKSIYON 49. HINDI PAGPAPAHINTULOT SA MGA IPINAGBABAWAL NA GAMOT. Ang lahat ng mga siyudad at bayan sa Bulacan sa abot ng kanilang kakayahan ay dapat sikaping matamo ang layunin ng Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. Artikulo Blg. IV ng naturang batas ay kumikilala sa gampanin ng pamilya para sa kaalaman at kamulatan ng bawat miyembro ng pamilya sa masamang epekto ng mapanganib na droga at ng mahigpit na pagsubaybay sa miyembro ng pamilyang posibleng malulong sa pag-abuso sa droga. Ang PCPC ay dapat na maglatag ng mga makabuluhang gawain na gagabay sa mga student councils at iba pang samahan sa paaralan sa lahat ng antas na may kaugnayan sa mga aralin tungkol sa ipinagbabawal na gamot at iba pang magiging kapaki pakinabang sa mga bata upang maiwasang mabaling ang kanilang interes sa ipinagbabawal na gamot at maging ang tungkol sa ahensyang maaaring isangguni para sa pagpapagamot at rehabilitasyon ng mga estudyanteng gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot.

Ang PCPC ay dapat na makipagsanib sa Kagawaran ng Edukasyon batay sa DO 12, s 2009- Pagpapalakas sa National drug Education Program (NDEP) upang patatagin ang pagsasakatuparan nito sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga modules para sa pagbibigay ng tagubiling mga gawain at mga sesyon ukol sa kung paano maiiwasan at mako-kontrol ang pag-abuso sa droga sa mababang paaralan, sekondarya, at tersiyaryong kurikula sa lahat ng mga pampubliko at pribadong paaralan, maging sa general, technical, vocational o agro-industrial pati na rin ang pormal at impormal na edukasyon.

Ang P/C/MSWDO ay dapat makipag-ugnayan sa Pambansang Pulisya upang matiyak na ang mga teen centers ay nagpapalawig ng kamulatan at mga programa sa pag-iwas sa ipinagbabawal na gamot sa mga out-of-school youth at mga batang lansangan.

Ang lahat ng mga mamamayan na mapapatunayang nasangkot sa pagbebenta, pamamahagi, paggawa, pagtataglay at paggamit ng ipinagbabawal na gamot kung saan ay isinasangkot ang mga bata ukol dito ay papapanagutin sa batas gaya ng mga sumusunod:

R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002

Sa mga nagtutulak ng droga na ginagamit ang mga bata bilang tagapaghatid mensahero o anupaman na siya ay may kaugnayan sa ipinagbabawal na gamot at may mahalagang pagkakasangkot sa chemical trade , ang pinakamatinding parusa ang ipapataw sa kaso. Sa kaso ng walang pagkiling sa aplikasyon ng mga probisyon ang batang may edad na mas mababa sa labinlima (15) nang magkasala sa batas ang ipapataw sa kanya ay ang parusa sa ilalim ng RA 9165, Artikulo 192 ng P.D. 603 ng walang pagkiling sa SEKSIYON 66 of R.A. 9165.

Ang R.A. 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006 Ang mga batang lumabag sa batas ay dapat sumailalim sa diversion program na hindi sasailalim sa mga court proceedings subalit marapat na dumaan sa mga sumusunod na kondisyon:

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

i. Kung ang ipapataw na kaparusahan sa nagawang krimen ay hindi lalagpas sa anim (6) na taong pagkakakulong, ang tagapag patupad ng batas o ang Punong Barangay sa pagtulong ng social welfarte o iba pang kasapi ng PCPC ay kailangang maging tagapamagitan at magsagawa ng kumperensiyang pampamilya at kung kinakailangan ay magdaos ng pinaka payak na pag-aayos ng gulo na may pagtatangi sa interes ng bata gayunman ay nakatutugon sa layuning manaig pa rin ang umiiral na batas at ang pagsasagawa ng diversion program. Ang bata maging ang kanyang mga kapamilya ay dapat na naroroon sa naturang mga gawain;

ii. Sa iba pang mga krimen kung saan ang ipapataw na kaparusahan ay hindi hihigit sa anim (6) na taon ang lokal na social welfare and development officer ay dapat nna makipagpulong sa bata at mga magulang nito o tagapag-alaga sa pagtugaygay sa diversion at programa ng rehabilitasyon sa pakikipag-ugnayan sa BCPC;

iii. Kung ang ipapataw na kaparusahan ay para sa mga krimen na may pataw na pagkakakulong ng higit sa anim (6) na taon ang mga diversion measures ay dapat na isalang din sa korte.

SEKSIYON 50. PAGBAWAL SA PAGTITINDA NG JUNK FOODS SA LOOB AT SA PALIGID NG MGA PRIBADO AT PAMPUBLIKONG PAARALAN AT PAGTITIYAK NG KALINISAN NG MGA PAGKAING ITINITINDA PARA SA MGA MAG-AARAL. Ang panlalawigang pamahalaan ay sisikaping pangalagaan ang kalusugan ng mga mag-aaral. Upang matiyak ang kalusugan ng mga mag-aaral ipagbabawal ang pagtitinda ng junk food sa loob at paligid ng paaralan at isusulong nito ang pagkain ng masususTansyang pagkain. Ang P/C/MHO ay maglalabas ng listahan ng junk foods na ipagbabawal at gayun din ang listahan ng mga masususTansiyang pagkain na siyang irerekomendang dapat kainin sa lahat ng antas sa pribado at pampublikong mga paaralan. Ang lahat ng restawran, cafeteria, carinderia, school canteen at ibang tindahan ng mga pagkain sa loob at paligid ng mga paaralan sa buong lalawigan ay sasailalim sa madalas na inspeksyon at pagbabantay ng mga awtoridad ayon sa mga batayan at regulasyong pangkalusugan na nakasaad rin sa SEKSIYON 4.5, DEPED Order No. 8 s 2007.

Ang kinatawan ng School Division ang siyang magsasagawa ng inspeksiyon sa mga paaralan upang matiyak ang pagpapatudad ng probisyong ito.

Ang mga paaralan at mga tindahan sa paligid ng paaralan na mapatunayang hindi sumusunod sa probisyong ito ay magbabayad ng hindi hihigit sa Limang Libong Pisong (P5,000.00) multa.

SEKSIYON 51. PAGBABAWAL SA PAGTINDA NG SIGARILYO AT NAKALALASING NA INUMIN SA MGA BATA. Ipinagbabawal sa Lalawigan ng Bulacan ang pagtitinda sa mga bata ng nakalalasing na inumin, sigarilyo kasama na ang e-cigarette at vape. Kasama rito ang lahat ng istablisimiyento na nasa paligid ng mga pribado at pampublikong paaralan.

Ang mga sumusunod ay ipapataw sa mga lumabag sa probisyong ito:

a. Ang sinumang mamamayan, dayuhan o tindahan (wholesaler, manufacturer, retailer, o outlet ng sigarilyo o nakalalasing na inumin) na lumabag ay may kaparusahan ayon sa mga sumusunod:

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

i. Unang Pagkakasala – multa mula Limang Daang Piso (Php 500.00) ngunit hindi hihigit sa Isang Libong Piso (Php1,000.00) o pagkakulong mula lima (5) hanggang sampung (10) araw at kung ayon sa desisyon ng korte ay ang isang (1) buwan na pagkasuspinde o pagsara ng negosyo.

ii. Ikalawang Pagkakasala – multa mula Isang Libong Piso (Php1,000.00) pero di hihigit sa Dalawang Libong Piso (Php2,000.00) o pagkakulong ng di bababa ng labing-isang (11) araw ngunit di hihigit ng tatlumpung (30) araw at kung ayon sa desisyon ng korte ay ang tatlong (3) buwan na pagkakasuspinde o pagkasara ng negosyo.

iii. Ikatlong Pagkakasala – multa mula Dalawang Libong Piso (Php 2,000.00) ngunit di hihigit sa Limang LibongPpiso (Php5,000.00) o pagkakakulong ng hindi bababa sa tatlumpung (30) araw pero di hihigit sa animnapung (60) araw at kung ayon sa desisyon ng korte ay ang permanenteng pagsara sa negosyo.

Anumang paglabag sa seksiyon na ito ng anumang kumpanya, asosasyon, magkasosyo sa negosyo, ang pangulo o tagapamahala nito ang sasampahan ng kaso.

b. Ang sinumang nahuling nagpapainom ng nakalalasing o nagbibigay ng sigarilyo sa bata ay magbabayad ng multa na mula Dalawang Daang Piso (Php200.00) pero di hihigit ng Limang Daang Piso (Php500.00);

c. Ang mga tagapag-alaga o magulang na lumabag sa probisyong ito ay may kaparusahan tulad ng mga sumusunod:

i. Unang Pagkakasala – multa ng Dalawang Daang Piso (Php200.00) at hindi hihigit ng Limang Daang Piso (Php500.00) multa at/o pagdalo sa anti-smoking at/o anti-liquor seminar ng PSWDO at ng PHO.

ii. Ikalawang Pagkakasala – multa ng Limang Daang Piso (Php 500.00) ngunit hindi hihigit sa Isang Libong Piso (Php1,000.00) at/o pagsisilbi sa komunidad ng walong (8) oras.

iii. Ikatlo at sa mga susunod pang pagkakasala – multa ng Isang Libong Piso (Php1,000.00) pero hindi hihigit ng Dalawang Libong Piso (Php2,000.00) at/o pagsisilbi sa komunidad ng labing-anim na oras (16).

SEKSIYON 52. OPERASYON NG *COMPUTERIZED VIDEO GAMES* AT MGA KATULAD NA PALARO O LIBANGAN. Lahat ng establisimyentong nagpapatakbo ng mga *video games, billiard halls* at iba pang sugalan ay kailangang kumuha ng pahintulot mula sa Pambayan/Panlungsod na Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad upang matiyak na ang operasyon ng mga nasabing *computer o game shops* ay naaayon sa regulasyon. Bawal sa sinumanag mag-aaral ang maglaro sa mga nasabing *video centers* sa oras ng klase (8:00 a.m – 5:00 p.m). Bawal ang pagtatayo ng *computer o game shops* na ang distansya sa mga paaralan ay 50 metro pababa.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 53. *PAGING BOOTH SYSTEM* SA MGA *SHOPPING MALLS*. Upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga batang naliligaw sa mga mall kailangang ang lahat ng mall ay magkaroon ng kumpletong paging system at mga paging booths. Ang hindi tutupad dito'y mumultahan ng isang libong piso (P1,000.00) hanggang limang libong piso (P5,000.00) kasama rito ang pagkakasuspindi ng lisensiya na mag-operate sa loob ng isang taon sa pasiya ng Hukuman. Ang booth ay magsasagawa ng regular na anunsyo na magpapaalala sa mga magulang o guardians na may kasamang mga bata na maging alerto sa lahat ng panahon. Ang anunsyong ito ay siya ring magbibigay direksyon sa mga tao kung ano ang mga dapat gawin at saan pupunta kung sakaling mawala o maligaw ang mga bata. Inaatasan ang mga may-ari ng mga *shopping malls* na magtakda ng *children's help desks* sa pakikipagtulungan sa LGU at opisina ng P/C/MSWDO at PNP.

SEKSIYON 54. PROTECTION OF CHILDREN FROM MEDIA'S EXPLOITATION. The Provincial Government of Bulacan shall endeavor to protect children from all types and forms of exploitative and inappropriate content in media and to ensure that the same shall not exploit children and instead promote their best interest. Shows or programs that are shown publicly and in school premises must not contain obscene and indecent themes as mandated by, the United Nations Convention on the Rights of the Child, Presidential Decree 603, Republic Act 7610, Republic Act 9344 as amended by Republic Act 10630.

SEKSIYON 55. BAN OF EXPLOITATIVE DANCE AND PRESENTATIONS. Activities with coercion that includes "exploitative dance and presentation" as defined in the ordinance is strictly prohibited.

A child shall not be allowed to wear sexy that is, provocative and revealing attires or outfits as may be further defined by the PCPC during gatherings, meetings, shows or any public appearances, and the like. Any program or show that allows children to wear sexy outfits shall be treated as indecent shows and the organizer of the said activity shall be subject to a penalty.

Any person or organizer caught promoting such "exploitative dance" or allows children to wear sexy outfits shall be punished by an imprisonment not exceeding on (1) year and fined with Two Thousand Five Hundred Pesos (P2,500.00) after due proceeding by the court of justice having jurisdiction thereof.

SEKSIYON 56. REGULATION ON CHILDREN'S EXPOSURE TO COMMERCIAL ELECTRONIC PORNOGRAPHY. All internet cafes and other similar establishments shall keep their facilities transparent and/or open to view to deter customers especially children from accessing pornographic sites.

The PCPC may create a task force to conduct regular monitoring of internet cafés or kiosks within the city in order to prevent violation of the above cited paragraph. (RA 9775 or Anti Child Pornography Act of 2009).

Pursuant to the provisions under R.A. 9775 otherwise known as the "Anti Child Pornography Act of 2009." All persons who:

a. Possess any form of child pornography with the intent to sell, distribute, publish, or broadcast: Provided. That possession of three (3) or more articles of child pornography of the same form shall be prima facie evidence of the intent to sell, distribute, publish or broadcast shall suffer the penalty of reclusion temporal in its minimum period and a fine of not less than Five Hundred Thousand Pesos (Php500,000.00) but not more than Seven Hundred Thousand Pesos (Php700,000.00);

CERTIFIED PHOTO TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

b. Panders any form of child pornography shall suffer the penalty of *prision mayor* in its maximum period and a fine of not less than Three Hundred Thousand Pesos (Php300,000.00), but not more than Five Hundred Thousand Pesos (Php500,000.00).

Operators who maintain enclosed and/or non-transparent cubicles or rooms shall be subjected to possible cancellation of business permits fine of not to exceed Five Thousand Pesos (5,000.00) at the discretion of the court.

SEKSIYON 57. PREVENTION AND INTERVENTION PROGRAMS ON BULLYING. All public and private schools shall adopt bullying prevention programs. Said programs shall be applicable to all students regardless of risk or vulnerability to bullying and these shall be comprehensive, multi-faceted and shall involve all education stakeholders and personnel. The programs may include, among others:

(a) Creating positive climate and environment conducive to the attainment of learning objectives, the development of healthy relationships and understanding of and respect for individual differences;
(b) Periodic assessment and monitoring of the nature, extent, and perceptions of bullying behaviors and attitudes of students;
(c) Conduct of activities for students, school personnel and service providers on how to recognize and respond to bullying.
(d) Coordination with various offices and councils especially P/MCPC and BCPC and other stakeholders.
(e) Discussion forums on anti-bullying act and school policies during PTA meetings and seminars and also during leadership trainings of school organizations and councils.

There shall be intervention programs to promote continuity of comprehensive anti-bullying policies and involves series of activities designed to address issues influencing the student to commit bullying, factors that make a student a target of bullying and effects of bullying. These programs may include counseling, life skills training, education and other activities that will enhance psychological, emotional, and psycho-social well-being of both the victim and the bully.

Sanctions for violations on anti-bullying provisions in this Code shall be in accordance with RA 10627 and its implementing rules and shall be as follows:

(a) All public and private schools shall include in the school's child protection or anti-bullying policy a range of disciplinary administrative actions that may be taken against perpetrator or bullying or retaliation;

(b) Bullying incidents or retaliation shall be treated according to their nature, gravity or severity. The school head may impose reasonable disciplinary measures on the bully or offending student that is proportionate to the act committed;

(c) Written reprimand, community service, suspension, exclusion or expulsion, in accordance with existing rules and regulations of the school or of the Department for public schools, may be imposed, if the circumstances warrant the imposition of such penalty, provided that the requirements of due process are complied with;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

(d) In addition to the disciplinary sanction, the bully shall also be required to undergo an intervention program which shall be administered or supervised by the school's child protection committee.

(e) Erring private schools shall suffer the penalty of suspension of their permits to operate;

If the bullying incident or retaliation resulted in serious physical injuries or death, the case shall be dealt with in accordance with provisions of RA 9344 or the "Juvenile Justice and Welfare Act" as amended.

SEKSIYON 58. COMPREHENSIVE EMERGENCY PROGRAM FOR CHILDREN (CEPC) -Ayon sa Republic Act 10821 o ang Children's Emergency Relief and Protection Act of 2016, ang Panlalawigang Pamahalaan ng Bulacan ay sisiguruhin na protektado ang mga bata, mas ligtas at nabibigyan ng serbisyo bago pa man dumating, kapag nariyan na at pagkatapos ng kalamidad o *emergency*. Ang komprehensibong programang ito ay nararapat na sensitibo sa kasarian at makataong pamantayan sa pagprotekta sa mga bata kabilang ang mga sumusunod na bahagi:

a. Alisunod sa mga batas na nagbibigay proteksyon sa karapatan ng bata bago dumating ang kalamidad, kapag nariyan na at pagkatapos ng mga kalamidad o *emergency* ang Panlalawigang Pamahalaan ng Bulacan sa pamumuno ng PSWDO ay lilikha ng lokalisadong CEPC na ipapatupad ng mga lokal na mga ahensya sa pamahalaan ng Bulacan kapag nagdeklara ito ng *state of calamity* o anumang uri ng *emergency* at sinasaklaw ang mga bata, kasama na ang mga batang may kapansanan, pati na ang mga inang buntis o nagpapasuso.

b. Magtatag at tukuyin ang mga ligtas na lokasyon upang gawing mga *evacuation center* para sa mga bata at mga pamilya. Sa mga pagkakataong wala ng ibang maaaring gamiting lugar o istruktura bilang *evacuation center*, doon lamang magagamit ang eskuwelahan bilang *evacuation center*.

1. Kung gagamitin man bilang *evacuation center* ang eskuwelahan o *child development center*, dapat unahing gamitin ang maluluwag na espasyo at lugar na hindi nagagamit sa pagtuturo, tulad ng *gym*, mga *learning* at *activity center*, *auditorium* at iba pang lugar.

2. Ang mas maikling panahon sa paggamit sa eskuwelahan bilang *evacuation center*, kasabay ng kaukulang protokol para sa pananagutan, pagbabantay at pag-uulat ng paggamit ay inaasahang hindi lalagpas ng labinlimang araw (15).

c. Ang pamahalaang lokal, katulong ang mga pambansang ahensya ng gobyerno ay kailangang magtatag ng mga alternatibong tirahan sa mga lumikas nang mas mahabang panahon katulad ng mga batang naulila, walang kasama at napahiwalay. Siguruhin na ang mga alternatibong tirahan ay may palikuran, paliguan at hugasan ng kamay para sa mga bata.

d. Sisiguraduhin na mayroong silid para mga buntis, mga inang nagpapasuso at mga bagong-silang na sanggol.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e. Sinisiguro ng CEPC ang agad na pagpapadala ng mga pangunahing pangangailangan at serbisyo para sa mga batang nasa iba't ibang yugto ng paglaki:

1. Mga serbisyong pangkalusugan, pagkain, tubig, nutrisyon, gamot, damit, mga gamit pangbanyo at panglinis ng katawan at iba pang gamit katulad ng kulambo, kumot, gamit panluto, panggatong at flashlight.

2. Uunahin din ang tiyak na pangangailangang pangkalusugan at nutrisyon para sa mga buntis, mga inang nagpapasuso, mga bagong-silang na sanggol, mga batang edad lima (5) pababa at mga batang may kapansanan.

f. Ang pamahalaang lokal, katulong ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP) at Sandatahang Lakas ng Pilipinas o *Armed Forces of the Philippines* (AFP) ay magpapatupad ng mga batas upang siguruhin ang kaligtasan at proteksiyon ng mga batang apektado laban sa karahasan, pang-aabuso at pagsasamantala. Kasama dito ang mas maigting na mga hakbang upang mapigilan ang pagbebenta ng mga bata, maagang pagtatrabaho at karahasang sekswal at domestiko.

g. Sa tulong ng Panlalawigang Tanggapan ng Kalusugan at Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad ang panlalawigang pamahalaan ang magbibigay ng mga pangangailangang pangkalusugan, medikal at nutrisyonal pati ang mga serbisyong *psychosocial* sa mga batang apektado ng kalamidad at *emergency*.

h. Sa tulong ng Kagawaran ng Edukasyon at Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, ang panlalawigang pamahalaan ang magtitiyak ng pagpapatuloy ng serbisyong pang-edukasyon sa mga bata kabilang ang pangangalaga at pag-unlad ng mga batang may edad lima (5) pababa.

i. Ang panlalawigang pamahalaan ay kailangang magtayo ng *Child-Friendly Spaces* (CFS) sa mga lugar na may kalamidad at naideklara ang lokal na *state of calamity*.

j. Ang panlalawigang pamahalan ang magtitiyak na nakakamit ng mga bata ang kanilang mga karapatan sa kaligtasan sa buhay, pag-unlad, proteksiyon at pakikilahok:

1. Lahat ng taga-responde ay sasailalim sa isang programang pagsasanay sa mga bata kasama ang wastong pamamaraan at hakbang sa pagtataya ng pangangailangan, proteksyon at pagbabantay sa mga bata at mga interbensiyong *psychosocial*.

2. Ang mga bata ay may sapat na kakayahang makakuha ng impormasyong angkop sa kanilang edad ukol sa kanilang mga karapatan at sa iba't ibang papel ng gobyerno bago dumating, kung nariyan na at pagkatapos ng kalamidad;

3. Pagkakaroon ng pagkakataong makalahok ang mga bata sa pamamagitan ng epektibong mekanismo sa pagsasanay at makahulugang pakikilahok sa mga programang pangkomunidad ubang maibsan ang panganib dulot ng kalamidad; at

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

4. Kung magkaroon man ng kalamidad o kagipitan, dapat konsultahin ang mga apektadong bata sa kanilang mga pangangailangan at prayoridad para sa tulong at pagbangon pagkatapos ng kalamidad.

k. Sa tulong ng Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad at iba pang ahensya ng gobyerno, ang panlalawigang pamahalaan ay isasaayos ang sistema ng *Family Tracing and Reunification* (FTR) upang tugunan ang pangangailangan ng mga batang naulila, walang kasama at napahiwalay.

l. Sa tulong ng Panlalawigang Tanggapan ng Rehistro Sibil gayundin ng Kagawaran ng Edukasyon, ang panlalawigang pamahalaan ay sisiguruhin na maibabalik o maisasaayos ang mahahalagang impormasyon na tumutukoy sa personal na kalagayan ng bata sakaling mawala o masira ang mga dokumento ng rehistro sibil dahil sa kalamidad o kagipitan. Gayundin, kailangang siguruhin na mayroong sistema ng pagpaparehistro ng mga batang isinilang habang may lokal na *state of calamity.*

m. Ang panlalawigang pamahalaan, katulong ang iba't ibang ahensya ng gobyerno ay sisiguruhin na may maayos at hiwa-hiwalay na pagkokolekta ng datos na tumutukoy sa mga bata ayon sa kanilang edad, kasarian, etnisidad at kapansanan kabilang na ang mga buntis upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa panahon ng kalamidad at kagipitan.

PANGKAT VI
KARAPATAN SA PAKIKILAHOK

SEKSIYON 59. PARTISIPASYON SA MGA PROSESO NG PAGGAWA NG DESISYON

a) **Karapatan para sa Pakikilahok.** Ginagarantiya ng pamahalaang lokal ang mga karapatan ng bata, lalong-lalo na ang mga batang hindi nabibigyan ng pansin, na sumali at makilahok sa mga bagay na nakaka-apekto sa kanya, sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng nararapat na lugar at aspeto kung saan siya ay malayang makapagpapahayag ng kaniyang opinyon at mabigyang pansin ito sa pagbubuo ng mga desisyon sa isang konsultatibong proseso. Sinusulong ang kusang-loob, ligtas at makabuluhang pakikilahok ng mga bata, at hindi ang pakunwari at mababaw na uri ng partisipasyon. Kinikilala ng lipunan ang kahalagahan ng mga pananaw ng mga bata sa polisiya ng bayan, lokal na plano at badyet, lalong-lalo na sa mga bagay na patungkol sa kanila, at kinikilala ang mga karapatan ng sektor ng kabataan sa:

i. Karapatang magtaguyod at magbuo ng mga asosasyon o organisasyon, nang naaayon sa edad ng bata, kapanahunan ayon sa edad (maturity), at lumalagong kakayahan o umuusbong na kapasidad (evolving capacity);

ii. Karapatang magkaroon ng aktibong partisipasyon sa lipunan at magbigay ng kontribusyon sa kapakanan ng lahat sa kanyang komunidad;

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

iii. Karapatang manguna sa pagsasagawa ng mga programa, proyekto, aktibidad at iba pang gawaing kailangan sa kabuuang pag-unlad sa kanyang sektor at lipunan, na hindi kumukontra sa batas at pampublikong kapakanan;

iv. Karapatang mabigyan ng payo, patnubay at panuntunan, sa mga bagay na tumutukoy sa pangangailangan at kapakanan ng kanyang sektor;

v. Karapatang makakuha ng suporta sa mga usaping teknikal, edukasyon, at pinansyal mula sa mga ahensya ng pamahalaan, at mabigyan ng nararapat na patnubay sa mga nakakatandang sinanay sa karapatang pambata at partisipasyon ng bata;

vi. Karapatang hingin ang kapaligirang ligtas sa napili nilang gawain o trabaho;

vii. Karapatan sa partisipasyon sa mga gawaing kinakailangan sa kanyang pag-unlad at pagsulong ng sambayanan, nang di nababalewala ng ayon sa lahi, kasarian, paniniwala, pinapaniwalaang ideolohiya, estadong pang-ekonomiya, kinabibilangang kultura at organisasyon, kakayahan, at natapos sa edukasyon.

b) **Partisipasyon sa mga Proseso ng Paggawa ng Desisyon.** Karapatan ng bawat bata na malayang maghayag ng kanilang opinyon, sa makabuluhang partisipasyon o paglahok kung saan ito ay bibigyang pansin at konsiderasyon sa mga bagay at proseso na nakaka-apekto sa kanya, nang di ito nababalewala ng ayon sa kasarian, pangkasarian *(gender)*, edad, lahi, *ethnicity* at relihiyon.

c) **Pagtalaga ng mga Mekanismo para sa Partisipasyon sa Paggawa ng mga Polisiya at Programa.** Isusulong at susuportahan ng pamahalaang lokal ang pagbuo ng mga organisasyong pinangungunahan ng mga bata, at susuportahan din ang mga inisyatiba ng mga bata na magtataguyod ng kanilang pangkalahatang interes, at magbigay ng mga pagkakataon para sa konsultasyon at paghahayag ng mga pananaw patungkol sa polisiya ng pamahalaan. Ang mga bata na may edad na 6-12 at 13-17 taon ay magkakaroon ng isang malawakang pagtitipon sa Buwan ng mga Bata sa Nobyembre. Sa pagpili ng mga sasali sa pagtitipon, gagabayan ng pamahalaang lokal sa pamumuno ng PSWDO at DepEd, ang batayang kapasyahan na sinasa-alang-alang ang partisipasyon ng mga bata na sisiguraduhing pantay ang bilang ng mga lalaki at babae na lalahok sa gagawing konsultasyon.

d) **Representasyon sa mga Natatanging mga Grupo.** Ginagarantiyahan ng pamahalaang lokal ang representasyon ng mga grupo ng bata sa mga natatanging mga grupo ng *Local Council for the Protection of Children (LCPC)* at *Barangay Council for the Protection of Children (BCPC).*

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

e) **Pagpapalakas ng LCPC at BCPC**. Papalakasin at sisuguraduhin ng pamahalaang lokal ang pondo at mapapagkunan para sa mga lokal na *council* ng barangay para sa pangangalaga ng bata (LCPC at BCPC) at iba pang mga mekanismong nag-uugnay sa mga ahensyang tumutulong sa mga bata.

f) **Pagtatasa ng mga Patakaran**. Bago magpasa ng mga bagong polisiya para sa mga bata, magkakaroon ng pagtatasa ng mga potensyal na epekto ng mga patakaran ng pamahalaan at mga desisyong nakakaapekto sa kanilang karapatan, at ang paggamit ng mga resulta ng pagtatasa para magbigay linaw at gumabay sa mga panukalang polisya.

g) **Komprensibong Sistemang Pang-Impormasyon.** Susuportahan ng pamahalaang lokal ang pagtatatag o pagpapanatili ng isang komprehensibong sistemang pang-impormasyon o database at mekanismong pagsubaybay sa mga bata sa kanilang sitwasyon.

h) **Suporta sa Edukasyon at Pagtataas ng Kamalayan sa Karapatan ng mga Bata.** Titiyakin ng pamahalaang lokal ang pagsuporta sa edukasyon at pagtaas ng kamalayan ng mga bata, matanda at ang pangkalahatang publiko sa usaping karapatan ng mga bata.

i) **Suporta sa Pagtaas ng *Investment* para sa mga Bata.** Titiyakin ng pamahalaang lokal ang suporta sa mga programang naglalayon ng pagtaas ng *investment* para sa mga gawain at programang nagsusulong ng karapatan ng bata.

SEKSIYON 60. *"PAGKILALA AT PAGBIBIGAY PROTEKSYON SA KARAPATAN NG MGA SANGGOL O BATANG INABANDONA NG MAGULANG"* [REPUBLIC ACT NO. 11767]. *Alinsunod sa RA 11767 o ang "Foundling Recognition and Protection Act" ang Panlalawigang Pamahalaan ng Bulacan ay sisiguruhin ang pagbibigay proteksyon sa karapatan ng mga batang inabandona ng magulang mula sa pagsasaayos ng kanilang bilang foundling hanggang sa pagbibigay ng pantay – pantay na oportunidad at karapatan sa anumang uri ng programa o serbisyong maaaring ipagkaloob ng ating lokal na pamahalaan.*

SEKSIYON 61. *"AN ACT INCREASING THE AGE FOR DETERMINING THE COMMISSION OF STATUTORY RAPE"* [REPUBLIC ACT NO. 11648]. *Alinsunod sa RA 11648 ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay makikiisa sa pagbibigay proteksyon sa lahat ng ating mga kabataang may edad labing-walo (18) pababa laban sa anumang uri ng sekswal na pananamantala at pang-aabuso sa pamamagitan ng mga programa at serbisyong ipinagkakaloob ng Tanggapan ng Panlalawigang Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad at ng iba't ibang pang pampubliko at pribadong ahensya.*

SEKSIYON 62. "Domestic Administrative Adoption and Alternative Child Care Act" [REPUBLIC ACT NO. 11642]. *Alinsunod sa Republic Act No. 11642 ang Pamalaang Panlalawigan ng Bulacan ay ginagarantiya ang pagpapalaganap ng mga pampublikong impormasyon patungkol sa administratibong proseso ng pag-aampon sa pamamagitan ng National Authority for Child Care (NACC) upang maprotektahan ang mga karapatan at mabuting interes ng ating mga kabataan laban sa anumang uri ng pang-aabuso at diskriminasyon.*

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 63. INSTITUTIONALIZING THE NATIONAL COUNCIL AGAINST CHILD LABOR TO UPSCALE THE IMPLEMENTATION OF THE PHILIPPINE PROGRAM AGAINST CHILD LABOR (EXECUTIVE ORDER NO. 92). The Provincial Government of Bulacan ensures to extend active support and assistance to the National Council Against Child Labor (NCLC) to effectively implement E.O. No. 92 and to fully protect the rights of all the children against child labor.

SEKSIYON 64. "AN ACT PROHIBITING THE PRACTICE OF CHILD MARRIAGE" [REPUBLIC ACT NO. 11596]. *Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay ginagarantiya ang mahigpit na pagpapatupad ng mga probisyon ng Republic Act 11596 sa Lalawigan ng Bulacan upang maproteksyunan ang ating mga kabataan laban sa 'child marriage' na kinikilalang isang uri ng child abuse sapagka't ito ay lubhang nakakaapekto sa kanilang pagkatao at dignidad bilang bata.*

SEKSIYON 65. "CHILD SAFETY IN MOTOR VEHICLES ACT" [REPUBLIC ACT NO. 11229]. *Pursuant to RA 11229 the Provincial Government of Bulacan pledge to fully implement the Mandatory Use of Child Restraint System in Motor Vehicles through the help of Bulacan Provincial Police Office, Highway Patrol Group and other concern governmental agencies to ensure the safety of all children while being transported in any form of motor vehicle.*

SEKSIYON 66. "SPECIAL PROTECTION OF CHILDREN IN SITUATIONS OF ARMED CONFLICT ACT" [REPUBLIC ACT NO. 11188]. *Pursuant to the provision of RA 11188 the Provincial Government of Bulacan guarantees to provide special protection to children in situations of armed conflict from all forms of abuse, neglect, cruelty, discrimination and other conditions prejudicial to their development, taking into consideration their gender, cultural, ethnic and religious background.*

SEKSIYON 67. "ANTI-ONLINE SEXUAL ABUSE OR EXPLOITATION OF CHILDREN (OSAEC) AND ANTI-CHILD SEXUAL ABUSE OR EXPLOITATION MATERIALS (CSAEM) ACT." [REPUBLIC ACT NO. 11930]. *Alinsunod sa Republic Act No. 11930 ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay ginagarantiya ang pagbibigay ng higit na proteksyon sa mga kabataan upang mapanatili ang kanilang kaligtasan sa anumang uri ng sekswal na karahasan, pang – aabuso at pananamantala gamit ang mga makabagong teknolohiya. Kasabay nito ay aming hinihikayat ang pagbuo ng iba't ibang programa na maaaring makatutulong upang mas maitaas pa natin ang kamalayan ng lahat ng tao patungkol sa mga negatibong epekto nito sa growth and development ng ating mga kabataan.*

SEKSIYON 68. "EXPANDED ANTI- TRAFFICKING IN PERSONS ACT OF 2022" [REPUBLIC ACT NO. 11862]. *Alinsunod sa Republic Act No. 11862 o Expanded Anti-trafficking in Persons Act of 2022, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay ginagarantiya ang maayos na pagbuo at pagpapatupad ng mga programang may kinalaman sa recovery at reintegration ng mga biktima ng pananamantala para sa mga layunin ng sapilitang paggawa o aktibidad ng komersyal na pakikipagtalik sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, pandaraya o pamimilit.*

SEKSIYON 69. CULTURAL AND HISTORICAL GROWTH. Magtatayo ng panlalawigang samahan pambata sa pamamagitan ng pagbuo ng koro, teatro, banda, mananayaw at iba pang katulad nito sa ilalim ng pamamatnugot ng DepEd, PSWDO, at PHACTO at sisikaping maipalaganap sa buong lalawigan.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

SEKSIYON 70. *RECREATIONAL, CULTURAL AND HISTORICAL ACTIVITIES*. Ang muling pagbuhay sa kultura ng lalawigan sa pamamagitan ng mga katutubong laro ay bibigyan ng daan at lugar ng pagdarausan na angkop sa edad at kasarian ng mga batang maglalaro. Ito ay isasagawa ng LGU at pangungunahan ng Panlalawigang Pamahalaan ng Bulacan sa pakikipag-ugnayan sa DepEd, PYSEDO, PSWDO, PHACTO at PNP. Ang pamunuang panlalawigan ay maglulunsad ng laro ng lahi sa pangunguna ng Panlalawigang Pamahalaan ng Bulacan para sa mga bata na manggagaling sa iba't-ibang lungsod at bayan sa lalawigan. Ito ay ipapaloob sa pagdiriwang ng SINGKABAN Festival.

SEKSIYON 71. PAGSUPORTA SA LOKAL NA ORGANISASYON – ilalaan ang 1% na *Internal Revenue Allotment (IRA)* para sa mga gawain at proyekto ng mga organisasyon na sumusulong sa karapatan ng mga bata, kaligtasan ng buhay, pag-unlad, proteksyon, at partisipasyon na ipapatupad ng iba't-bang sangay at departamento na katuwang ng mga organisasyong pambata.

SEKSIYON 72. PAGDIRIWANG SA BUWAN NG MGA BATA – Alinsunod sa RA 10661 o ang *National Children's Month Act of 2014*, na itinatakda ang buwan ng Nobyembre bilang buwan ng mga bata. Ang PSWDO ang mangunguna katuwang ang iba't-ibang sangay ng pamahalaan, departamento, paaralan, pribadong organisasyon at kinatawan ng mga bata.

Ang PCPC ay gagabay sa PSWDO upang maisakatuparan ang selebrasyon. Ang PSWDO bilang taga-panguna, ay tungkulin na bumuo at ihayag ang plano sa PCPC na susuportahan at aaprubahan.

PANGKAT VII
RESPONSIBILIDAD NG MGA MAGULANG AT BATA

SEKSIYON 73. RESPONSIBILIDAD NG MGA MAGULANG. Ayon sa Panlalawigang Kautusan Blg. 24-2016, Artikulo II, sakaling wala o patay ang isa sa mga magulang, ang nabubuhay na magulang ang siyang patuloy na magpapatupad ng kapangyarihan at responsibilidad. Ang muling pagpapakasal ng naiwang buhay na magulang ay hindi makaaapekto sa kapangyarihan at responsibilidad sa mga bata, maliban lamang kung may hinirang ang batas na ibang tao na tagapangalaga ng mga bata at ari-arian.

Sakaling magkahiwalay ang mga magulang, ang hihirangin ng korte ang siyang patuloy na magpapatupad ng kapangyarihan at responsibilidad.

Sakaling patay, wala o walang kakayahan ang mga magulang, ang mga lolo at lola ang siyang magpapatupad ng kapangyarihan at responsibilidad bilang kapalit ng mga magulang. Sakaling may naiwang buhay pa, ang korte ang siyang hihirang.

Sa pagsala ng magulang o hinirang ng batas na tagapangalaga ng mga bata, ang mga sumusunod ang magpapatupad ng kapangyarihan at responsibilidad bilang kapalit ayon sa pagkakasunod-sunod:

1. Ang mga nabubuhay na lolo at lola;
2. Ang pinakamatandang kapatid na mahigit dalawampu't isang (21) taong gulang, maliban kung walang kakayahan at diskwalipikado;
3. Ang kasalukuyang tagapangalaga ay manggagaling mula sa *1st degree* hanggang sa *2nd degree* na pamilya na mahigit sa dalawampu't isang (21) taong gulang, maliban kung walang kakayahan o diskwalipikado.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

Sakaling inabandona, pinabayaan o inabuso ang mga bata o halintulad na kalagayan, ang kapangyarihan ng magulang ay ipagkakatiwala ayon sa pagdinig ng korte sa mga bahay-ampunan o halintulad na institusyon na kinikilala ng angkop na ahensiya ng pamahalaan.

SEKSIYON 74. DI MAARING ITAKWIL O ILIPAT ANG KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG MAGULANG. Ang karapatan at responsibilidad ng magulang ay hindi maaring itakwil o ilipat maliban sa mga kaso na binigyan ng kapangyarihan ng batas.

SEKSIYON 75. SUSPENSYON AT PAGKAWALA NG KAPANGYARIHAN NG MAGULANG. Ang kapangyarihan ng magulang ay tahasang mawawala:

a) Sakaling mamatay ang mga magulang;
b) Sakaling mamatay ang bata;
c) Sakaling nasa hustong gulang na ang bata.
Maliban kung muling bubuhayin ng pinal na hatol ng hukuman, mawawala rin ang kapangyarihan ng magulang, kung:

a) Sakaling may umampon sa bata;
b) Sakaling hirangin ng husgado ang pangkalahatang tagapangalaga;
c) Sakaling ihayag ng husgado ang pagpapabaya sa bata ito ay naiharap sa kaso para sa nasabing layunin;

d) Sakaling may pinal na hatol ang hukuman na nag-aalis ng karapatan sa mga may kinalaman dito; o
e) Sakaling mapatunayan ng hukuman ang kawalang kakayahan ng nagsasagawa ng kapangyarihan.

SEKSIYON 76. TUNGKULIN NG MGA MAGULANG. Ang responsibilidad ng mga magulang sa kanyang mga anak ay ang sumusunod:

a) Ipadama ang pagmamahal, maging magiliw, mapatnubay at maging maunawain;
b) Ituro ang kahalagahan ng moralidad, disiplina sa sarili at aral ng relihiyon;
c) Bigyan sila ng angkop na edukasyon ayon sa kakayahan ng pamilya, kasama na dito ang pagsubaybay sa pagpasok at gawain sa paaralan at dumalo sa mga pulong ng *Parent Teacher and Community Association (PTCA)* kung kinakailangan;
d) Pangasiwaan ang kanilang mga gawain sa loob at labas ng tahanan, gayundin sa kanilang paglalaro;
e) Paglaanan ng angkop na atensyong medikal at kaukulang pangangalaga sa kalusugan sa palagian at kumpletong imunisasyon sa mga sakit kung saan ang mga bakuna ay kinakailangan ng mga bata hanggang sa edad na walong (8) taon, gayundin sa mga bagong silang na sanggol;
f) Hadlangan ang mga anak na maging gumon sa nakalalasing na inumin, ipinagbabawal na gamot, paninigarilyo, pagsusugal at iba pang mga bisyo;
g) Iiwas sa mga kalagayang malalagay ang kanilang pisikal na kaligtasan sa panganib, maghayag sa mapanira at banta sa kanilang karaniwang pag-unlad;
h) Pasiglahin ang kanilang interes sa ugnayang pang-sibiko, turuan ng tungkulin bilang isang masunuring mamamayan, paunlarin ang kanilang magagawa sa komunidad, kasama na dito ang oportunidad na lumahok o bumuo ng samahang pang-lipunan, pang-kultural, pang-edukasyon, pang-kalakasan, pang-sibiko at pang-relihiyon at iba pang makabuluhang gawaing pang-komunidad;

CERTIFIED PHOTOSTATIC COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

i) Ibigay ang mga pangunahing pangangailangan upang mabuhay tulad ng pagkain, kanlungan at kasuotan, kasama na dito ang sapat na suporta na naaayon sa itinakda na *Family Code*; at

j) Eksklusibong pagpapasuso o *exclusive breastfeeding* sa mga bagong silang na sanggol hanggang sumapit ito sa anim (6) na buwan at *complementary* feeding mula anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taong gulang.

SEKSIYON 77. RESPONSIBILIDAD NG MGA BATA. Alinsunod sa pagkilala ng Estado sa napakahalagang tungkulin ng bata sa pagbuo ng bansa, na nakasaad sa ating Saligang Batas, kabilang na ang pagkintal ng Estado sa kabataan sa pagkamakabayan, nasyonalismo at pasiglahin ang paglahok nila sa mga gawaing pambayan at sibiko, may mga responsibilidad o tungkulin ang mga bata, ang ilan rito ay ang mga sumusunod:

a) Ang mahalin, igalang at sundin ang kanyang mga magulang at makipagtulungan sa mga ito sa pangangalaga, pagtataguyod at pag-unlad ng kanilang pamilya;

b) Mabuhay ng disente at walang bahid-dungis sa alinsunod sa mga aral ng kanyang relihiyon, matatanda at tagapayo, at ang utos ng isang malinis na budhi;

c) Magpakita ng paggalang sa mga nakatatanda, sa mga kaugalian, mga tradisyon at kaugalian ng ating mga kababayan, at pati na rin sa mga awtoridad, ang mga batas ng Pilipinas, at ang mga prinsipyo ng kalayaan at demokrasya;

d) Makilahok sa mga gawaing panlipunan at pansibiko para sa pagsulong ng pangkalahatang kapakanan ng bata at ng lipunan;

e) Makatulong sa pagtalima at paggalang sa karapatang pantao ng bawat isa, ang pagpapalakas ng kalayaan at pagsulong ng pandaigdigang kapayapaan.

PANGKAT VIII
MGA KAPARUSAHAN

SEKSIYON 78. MGA KAPARUSAHAN. Ang mga paglabag sa mga probisyon ng kautusang ito ay may kaukulang kaparusahan at pagtitibayin alisunod sa mga umiiral na batas, patakaran at alituntunin. Samantala, susundin ang mga multa o kaparusahan na nakasaad sa mga partikular na probisyon sa kautusang ito na hindi kikilingan ang pagpataw na multa na nakasaad sa iba pang kautusan.

Sakali na may mga probisyon sa kautusang ito na walang kaukulang parusa, ang magulang o tagapag-alaga na lumabag sa alinmang probisyon at napatunayang nagpabaya sa kanilang mga katungkulan sa mga bata ay may kaparusahan tulad ng mga sumusunod alisunod sa Panlalawigang Kautusan Blg. 24-2016 o ang *"Bulacan Parental Responsibility Code"*:

a) Unang Pagkakasala – multa na nagkakahalaga ng P1,000.00 o tatlong (3) buwan na pagkabilanggo ayon sa pagpapasya ng hukuman.

b) Pangalawang Pagkakasala – multa na nagkakahalaga ng P3,000.00 o anim (6) na buwan na pagkabilanggo ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

c) Ikatlong Pagkakasala – pinakamalaking multa na nagkakahalaga ng P5,000.00 o anim (6) na buwan na pagkabilanggo o ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

Ang mga magulang na nasangkot, na hindi na ihaharap sa hukuman ang kanilang pananagutan ay maaaring magbayad ng multa para sa pagkakasala sa Tanggapan ng Panlalawigang Ingat-Yaman bago pa ihain ang pormal na paratang. Sakali na walang kakayahan na magbayad ng multa, ang magulang ay maaaring gumawa ng paglilingkod sa komunidad tulad ng sumusunod:

a) Para sa multa ng P1,000.00 = walong (8) oras
b) Para sa multa na P3,000.00 = labing-anim (16) na oras
c) Para sa multa na P5,000.00 = dalawampu't apat (24) na oras

Sakali na ang magulang na nasangkot ay nasa tatlong (3) beses na nakinabang sa probisyon ng Seksiyon na ito, sila ay hindi na muling makikinabang at ang susunod na mga reklamo hinggil sa paglabag sa kautusang ito ay ipapataw ang pinakamalaking multa laban sa kanya.

Walang kaparusahang ipapataw sa mga bata, sa halip, sila ay maaaring dalhin sa opisina ng barangay, siyudad, munisipyo o probinsya upang ibigay sa pangangalaga ng kanilang mga magulang, tagapag-alaga o sa angkop o wastong awtoridad.

SEKSIYON 79. Ang sinumang kawani ng pamahalaan na may pananagutan sa pagpapatupad nitong kautusang ito na tumanggi o nagpabaya sa tungkulin ay paparusahan ng anim (6) na buwang suspensiyon na walang suweldo, sa pasubali na nagkaroon siya ng pagkakataon na ipaliwanag ang kanyang panig alinsunod sa proseso ng batas ng Serbisyo Sibil; at sa pasubali pa rin na kung napatunayang nagkasala alinsunod sa batas ng PD 603 o RA 7610 ay pinarusahan batay sa nasabing mga batas.

PANGKAT IX
PANG-HULING TADHANAIN

SEKSIYON 80. PAGLALAAN NG BADYET. Para sa mabisa at mahusay na implementasyon ng ordinansang ito, ang Pamahalaang Panlalawigan ay maglalaan ng panlalawigang taunang badyet para dito.

A. **PONDO PARA SA BATA**. Bawat antas ng pamahalaang lokal ng lalawigan ng Bulacan ay magtatatag ng pondo para sa bata para sa implementasyon ng Ordinansang ito. Maglalaan ng hindi bababa sa isang porsiyento (1%) ng *Internal Revenue Allotment* (IRA) ang mga lokal na pamahalaan para rito alisunod sa RA 9344. Ang mga lokal na pinuno ng bawat probinsiya, bayan o siyudad ay maaaring maglaan ng dagdag na pondo para sa mga programa at aktibidad para sa mga bata kung kinakailangan.

SEKSIYON 81. PAGHIHIWALAY NG SUGNAY: Ang anumang bahagi ng Ordinansa na maaaring maihayag na labag sa Saligang Batas o sa umiiral na batas pambansa, ang bahagi o probisyon na hindi saklaw ng gayong pasiya ay mananatili at patuloy na may bisa.

SEKSIYON 82. PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON. Ang Panlalawigang Tanggapan sa Pampublikong Ugnayan ang gagawa ng mga plano at *information, education and communications (IEC) materials* para sa mabisang pagtuturo at pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa Ordinansang ito sa buong Lalawigan ng Bulacan. Ang Panlalawigang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad ang siyang mangangasiwa sa pamamahagi ng mga *IEC materials.*

CERTIFIED PHOTO/TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan

- x

SEKSIYON 83. PAGPAPAWALANG-BISANG SUGNAY: Lahat ng kautusang panlalawigan, kautusang pang-tagapagpaganap, kapasiyahan at mga memorandum na salungat dito ay pinawawalan ng bisa o iniaangkop dito.

SEKSIYON 84. PAGKAKABISANG SUGNAY: - Magkakabisa ang ordinansang ito pagkaraan ng labing limang (15) araw na pagkakalathala sa isang pahayagan na may sirkulasyon sa Lalawigan ng Bulacan.

Ito ay magkakabisa ayon sa itinatadhana ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991.

PINAGTIBAY.

* * * *

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahan sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan.

MA. PERPETUA R. SANTOS
Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan

PINAGTIBAY:

ALEXIS C. CASTRO
Pangalawang Punong Lalawigan
at Pinunong Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

DANIEL R. FERNANDO
Punong Lalawigan

CERTIFIED PHOTO TRUE COPY:
JOSEPHINE B. CLAVIO
Local Legislative Staff Officer V
Office of the Secretary to
the Sangguniang Panlalawigan